

Penomenolohikal na pag-aaral sa paggamit ng AI ng mga mag-aaral sa Filipino

Ompad, Grace Flor ✉

Sorsogon State University, Philippines (graceflorompad@gmail.com)

Jolo, Richelda Porlaje

Sorsogon State University, Philippines (jolo.richelda@sorsu.edu.ph)



ISSN: 2243-7703
Online ISSN: 2243-7711

OPEN ACCESS

Received: 20 April 2026
Available Online: 5 May 2026

Revised: 3 May 2026
DOI: 10.5861/ijrse.2026.26144

Accepted: 4 May 2026

Abstract

Ang pag-aaral na ito ay may layuning alamin ang danas ng mga mag-aaral sa baiting 8 sa paggamit ng AI sa asignaturang Filipino at ang pedagogikal na implikasyon ng paggamit nito sa pagkatuto ng mga mag-aaral. Ginamit sa pag-aaral ang disenyong penomenolohikal sa ilalim ng kalikasang kuwalitatibo at gumamit ng purposive sampling technique upang pumili ng mga kalahok. Sa pamamagitan ng interbyu at focus-group-discussion (FGD) nalaman na karaniwan ginagamit ay cici/dola, meta-AI, chatGPT, google AI, at tiktok tako. Gayundin, ginagamit ng mga mag-aaral ang AI sa mga takdang-aralin, mga araling mahirap maintindihan, mga proyekto, at pagsalin ng malalim na maging simple. Karagdagan rito, ang mga hamong kinaharap ng mga mag-aaral sa paggamit ng mga AI tools ay hindi tumpak o mali ang sagot na ibinibigay ng AI at nagiging palaasa ang mga ito sa AI. Sa pedagogikal na implikasyon ng AI, ito ay nakakatulong upang makabuo ng interaktibong aralin, napapaikli sa oras, at pagbibigay ng mga dagdag na halimbawa ng aralin. Samantala, ayon sa mga guro, ang mga hamong kinaharap ng mga mag-aaral sa paggamit ng AI tools ay sobrang pagdepende sa mga ito at nagiging hadlang ang AI sa pag-unlad ng kritikal at analitikal na kakayahan ng mga mag-aaral. Inirerekomenda nilang limitahan ang paggamit ng AI at magtalaga ng mga tuntunin ang mga guro ukol dito.

Keywords: AI, danas, implikasyon, penomenolohikal, AI at ako

Penomenolohikal na pag-aaral sa paggamit ng AI ng mga mag-aaral sa Filipino

1. Introduksiyon

Ang bahaging ito ay kinapapalooban ng balangkas ng kasalukuyang pag-aaral, rebyu ng literatura, mga legal na batayan ng pag-aaral, mga pilosopikal na saligan, pagpapatunay, kaugnayan sa *Sustainable Development Goals (SDGs)*, *regional development goals*, *University R&D agenda*, at iba pang batayang alinsunod sa pananaliksik na ito.

Kahulugan ng Artificial Intelligence - Sa makabagong panahon, ang pag-usbong ng *Artificial Intelligence (AI)* ay naging bahagi ng malawakang pagbabago sa pangkalahatang anyo ng halos lahat ng aspetong panlipunan, Umiinog ito sa ibat' ibang larangan ng pagsisikap at patuloy na nagiging parte ng buhay ng sangkatauhan. Dahil dito, kapansin-pansin ang impluwensya nito sa pag-iisip, paggawa ng mga desisyon, at sa pagbibigay solusyon sa mga problema. Namamayagpag ang reputasyon ng *AI* sa kasalukuyan at patuloy na nararamdaman ang impak nito sa teknolohiya, negosyo at trabaho, kalusugan, transportasyon, edukasyon, at iba pa. Ang *AI* ay binigyang pakahulugan ni Frankenfield (2023) bilang isang makina na naglalayong kopyahin ang talino at kakayahan ng isang totoong tao gamit ang mga datos na nakaprograma sa isang *software*. Gayundin, pinakilala ito bilang mga computer na kayang gumawa ng mga intelektwal na gawain gaya ng pag-aaral, pag-iisip at pagresresolba ng mga suliranin (Baker & Smith, 2018; Chen et al., 2020). Dahil sa kakayahang ito, patuloy na kinagigiliwan ng mga tao ang *AI* sapagkat ito ay susi sa komportableng buhay at mabilis na trabaho at produksyon.

Ang ideya ng artipisyal na karunungan ay umusbong mula pa sa mga sinaunang pilosopo na nag-iisip tungkol sa mga tanong ng buhay at kamatayan. Sa sinaunang panahon, ang mga imbentor ay gumawa ng mga mekanikal na bagay at gumagalaw nang walang interbensyon ng tao. Ang salitang *automaton* ay nagmula sa sinaunang Griyego, at ibig sabihin ay “kumakilos sa sariling kagarian” (Haenlein & Kaplan, 2019), Ang isa sa mga pinakamaagang tala ng isang *automaton* ay nagmula noong 400 BCE sa panahon ni Plato. Pagkalipas ng maraming taon, ang isa sa mga pinakatanyag na *automaton* ay nilikha ni Leonardo da Vinci noong mga 1495. Kaya't bagaman ang ideya ng *AI* ay nagging tanyag sa makabagong panahon, ito ay nag-ugat mula pa noong mga ika-apat na siglo. Sa lipunan, hindi maikakaila ang impluwensya ng artipisyal na intelehensiya sa mga serbisyong pangkagalingang panlipunan. Pinapadali nito ang pag-aaral, pagpapalano, pangangatuwiran at paghahatid ng komunikasyon sa mga indibidwal na may kaugnayan sa mga proyekto at programa. Sa madaling salita, ang *AI* ay isang programang ginawa upang hindi na mangailangan pa ng aktwal na pag-iisip at pagkilos ng mga tao at higit na mapadali ang gawain nila. Ang mga *AI systems* ay inimbento upang tularan o kopyahin ang mga kognitibong kakayahan ng tao at umangkop sa bagong impormasyon at mga sitwasyon (Lamosen, 2022).

Ayon kay Melican (2024), ang *Artificial Intelligence* ay hindi na bago at matagal nang direktang may kabuluhan sa maraming bagay. Ilan lamang sa mga halimbawa nito ay ang mga *virtual assistants* tulad ng *Google Assistant*, *Siri* at *Alexa*, pagkilala sa mga larawan at bidyo sa *facebook* at *google*, mga online games na ang kalaro ng tao ay kompyuter, *google translate* at iba pa. Ngunit ngayon, higit na naging sikat ang *AI* dahil sa kakayahan nitong lumikha ng tila ba orihinal na *content* tulad ng *text*, mga *litrato*, *audio* at maging *video*. Dagdag pa rito, ito ay madalas na ginagamit sa mga gawaing may kaugnayan sa pag-iisip, pag-alam sa mga kahulugan, at pagbuo ng mga kaisipang nag-ugat sa mga karanasan. May iba't ibang kategorya ang *AI*, tulad na lamang *generative*, *assistive*, *predictive* at *diagnostic*. Ayon kay Caballar (2026) ang *generative AI* ay sumasagot sa prompt o kahilingan ng mga gumagamit gamit ang ng odyo, mga larawan, *software code*, teksto o bidyo. Ito ay handang tumanggap ng malalaking volume ng raw data at kumukuha mula sa mga naka-encode na pattern at mga kaugnay na relasyon. Samantala, ang *predictive AI* ay pinagsama ang *statistical analysis sa machine learning algorithms* upang makahanap ng mga pattern sa data at mahulaan ang mga magiging resulta sa hinaharap. Ito ay malaking tulong sa mga negosyo sa pagbuo ng mga hakbang na gagawin upang lalong maisiguro ang tatag at tagumpay ng nrgosyo.

Sa kabilang banda, ang dayagnostik AI ay kayang makapag-*analyze* ng mga medikal na larawan (hal., *X-ray*, *MRI*, *ultrasound*, *CT scan*, at *DXA*) upang makatuulong sa larangan ng kalusugan lalo na sa pag-diagnose ng mga sakit nang mas tumpak at mabilis (AI-Antari, 2023). Bilang karagdagan, ang assistive AI naman ay nakapokus sa pagbibigay ng impormasyon, mga rekomendasyon, at mga tool upang mapabuti ang kahusayan ng isang produkto (Usau, 2026). Sa kasalukuyan, ang katanyagan ng artipisyal na intelehensiya ay mababakas sa aktuwal na gamit nito sa lipunan na nakabatay sa *wide-scale machine learning* na nangunguna tungo sa tunay na *Generative Artificial Intelligence* (GAI). Ito ay isang uri ng AI na kayang gumawa ng makabagong konsepto katulad ng mga pag-uusap, kuwento, larawan, video at musika. Ang mga ito ay ang *Chatgpt*, *Cici AI*, *Quillbot*, at marami pang iba. Ayon sa Coursera (2023), ang paggamit ng AI ay nangangahulugang paggamit ng teknolohiyang pinapagalaw ng *machine learning* tulad ng *Chatgpt* o *computer vision*. Bilang kongklusyon, ito ay ang pagbibigay kakayahan sa makina na gampanan ang mga gawaing dati ay tao lamang ang makagagawa katulad na lamang ng pagsusuri ng datos o kahit na sa pagbuo ng mga teknikal na Gawain.

Sa larangan ng edukasyon, ang impak ng AI ay patuloy na lumalawig at nakaiimpluwensya sa sistema, pamumuno, programa, at mga partikular na gawaing ginagawa ng mga mag-aaral at mga guro. Kabilang sa paggamit ng artipisyal na katalinuhan sa larangan ng edukasyon at tinukoy nina Hamilton at Swanston (2023). Pinatutunayan nila na may iba't ibang uri ng mga *AI Tools* na labis na pinakinabangan ng mga guro at mag-aaral. Kabilang dito ay ang mga *AI-Powered Educational Games*, *Adaptive Learning Platforms*, *Automated Grading and Feedback Systems*, *Chatbots for Student Support*, at *Intelligent Tutoring Systems*. Ang mga ito ay may kakayahan alamin ang pag-unlad ng mga mag-aaral, ang kanilang mga lakas at kahinaan, at magmungkahi ng angkop na mga materyal at aktibidad sa pag-aaral na naaayon sa kanilang mga pangangailangan. Gayundin, makakatulong naman ito sa mga guro na magdisenyo ng mas epektibong oportunidad sa pagkatuto ng mga mag-aaral (Estrellado & Miranda, 2023).

Hindi mapasubalian na sa makabagong panahon, ang pag usbong ng *AI* ay naging bahagi ng usapin hindi lamang sa pangkalahatang aspeto kundi pati na rin sa larangan ng edukasyon. Ito ay totoong nagbukas ng maraming oportunidad para sa mga guro at mga mag-aaral na mas lalong palaguin ang kaalaman at kahusayan sa lahat halos ng disiplina at kurso. Ayon kay Walter (2024), binago ng *AI* ang karanasang pang edukasyon mula sa mga tradisyonal na pamamaraan ng pagtuturo hanggang sa personalisadong karanasan sa pag-aaral. Pinapahusay ng *AI* ang mga proseso ng edukasyon, nagpapaunlad ng mga mahahalagang kasanayan tulad ng kompyutesyunal at kritikal na pag-iisip, na mahigpit na kaugnay sa *machine learning* at *educational robotics*. Bukod dito, ipinakita ng *AI* ang malaking potensyal sa pagbibigay ng mga napapanahong interbensiyon para sa mga batang may espesyal na pangangailangan, nagpapayaman sa kanilang mga karanasan sa pag-aaral at pang-araw-araw na buhay.

Umani ng iba't ibang reaksyon at opinyon ang mga kabataan patungkol sa paggamit ng *AI* sa kanilang pag-aaral. Ngunit lumitaw sa pag-aaral nina Ajlouni et al. (2023) na ang mga tagatugon na mag-aaral ng kanilang pananaliksik ay nagpakita ng positibong pananaw hinggil sa paggamit ng *AI Tool* sa larangan ng pagkatuto. Ang 73.2 porsyento ng kanilang mga respondente ay sumang-ayon na malaki ang potensyal ng *AI Tools* upang maging kaakibat ng kanilang pagkatuto at paghubog ng iba't ibang kasanayang pang-akademiko. Ang resultang inilahad ay sinusuportahan ng *Education Center for AI Research* (E-CAIR) ng Departamento ng Edukasyon sa Pilipinas. Ito ay may layong isulong ang inobasyon sa edukasyon gamit ang *artificial intelligence*. Kaakibat ng *Center for AI Research* (CAIR) noong 2024 ay ang layuning paunlarin ang kakayahan ng bansa sa paggamit ng *AI* sa pagtuturo at pagkatuto. Ito ay katuparan ng pangako ng pamahalaan na gawing moderno at de-kalidad and edukasyong Pilipino na nababatay sa pamantayang pandaigdigian.

Gamit ng AI sa Asignaturang Filipino - Ang *AI* ay isang sistemang nagpoproseso ng impormasyon at nagbibigay-daan sa atin upang bigyang-kahulugan sa parehong paraan sa kaalamang taglay ng isang tao. Sa ganitong paraan, masasabi nating, may positibong gamit at potensyal ang *AI* sa pagtuturo at pagkatuto ng asignaturang Filipino. Mahalaga ang partisipasyon ng mga guro sa mabilis na adaptasyon ng *AI* sa silid-aralan. Binigyang-diin ni Selwyn (2019), na pinapalitan ng *AI*, *robotics*, at *big data* ang sitwasyon ng edukasyon, at hanggang sa kasalukuyan, hindi pa tiyak ang epekto nito sa mga guro. May mga hinuha na posibleng palitan ng

teknolohiya ang proseso at sistema ng edukasyon kaya't nararapat ang matinding pag-aanalisa ang labis na pagdepende sa AI sa larangang ito, dahil kailangang bigyan ng konsiderasyon ang mga katangiang panlipunan, emosyonal at kognitibo ng tao. Sa kasalukuyan, ang galing ng artipisyal na katalinuhan ay ginamit na rin maging sa larangan ng edukasyon bilang pantulong sa mga kagamitang pang-akademiko na may mataas na kalidad. Sa tamang gabay, ang paggamit nito ay maaaring magbunga ng pinagbuting mga resulta sa pag-aaral, pagpapalakas sa pagtuturo at kapakanan ng mga guro, at pagpapalaganap ng katarungan sa edukasyon (World Economic Forum, 2024). Magiging positibo ang epekto ng mga *AI tools* sa mga mag-aaral kung gagamitin ito sa tamang pamamaraan at responsableng paggamit.

Ang paggamit ng AI sa larangan ng edukasyon ay nakaangkla sa layunin ng *Sustainable Development Goals (SDG)* na binuo noong 2016. Ito ay may ibat't ibang estratehiya upang wakasan ang paghihirap ng mga tao anuman ang antas ng lipunanang kanilang kinabibilangan. Sa pangkalahatang layunin bilang 4 o ang pagtitiyak ng inklusibo at pantay na kalidad ng edukasyon at pagtataguyod ng mga oportunidad sa pag-aaral para sa lahat, dito pumapasok ang kahalagahan ng AI (United Nations, 2026). Sa makabagong panahon, ang mga mag-aaral ay kailangang nakaangkop sa hamon ng panahon upang mas lalo silang maging kapaki-pakinabang sa lipunan. Ang pagiging maalam sa mga *AI tools* ay daan upang mas lalong masiyasat ang mga ideyang magagamit kahit sa pang-araw-araw na buhay. Maraming pag-aaral ang nagpapatunay na ang artipisyal na intelehensiya ay maaaring gamitin sa pagkatuto ng mga mag-aaral at pagpapaunlad ng kanilang akademikong kakayahan. Ayon sa pag-aaral nina Silagan & Samarca (2025), ang kaalaman, kahandaan, at integrasyon ng mga mag-aaral ay may kolaborasyon para maging mas makabuluhan ang kanilang pagkatuto sa paggamit ng *AI*. Dagdag pa rito, ito ay nakakatulong upang maging mas maganda ang kalidad ng awtput, mapanatili ang matuwid na paggamit, at mapaunlad ang kakayanan sa pagsulat at pananliksik sa Filipino.

Ayon kay Mojica (2024), bukod sa mga kasanayan sa pagsulat at pagbasa, kailangan ng mga mag-aaral ang iba pang kasanayan sa kasalukuyang siglo ng edukasyon katulad ng *critical thinking skills*, kolaborasyon, komunikasyon, at sa pagiging malikhain. Gayundin, ang *AI* ay maaring maging produktibo sa antas na ito ng kasanayan at mapaunlad ang mga karanasan ng mga mag-aaral at guro para sa positibong epekto sa akademikong pagkatuto ng mga mag-aaral (Macapinlac, n.d.). Samantala, maraming mga programang pinapagana ng artipisyal na katalinuhan o *gen AI* ang nakatulong sa mga mag-aaral na malampasan ang mga hamon ng akademikong pagsusulat at pinahusay ang kanilang mga kakayahan sa pagsusulat. Ang *Automatic Paraphrasing Tool (APT)*, *QuillBot*, at *Grammarly* ay ilang kilalang halimbawa nito (Hadi et al., 2024). Dagdag pa rito, ang mga *AI tools* ay nagbibigay ng rekomendasyon batay sa personal na pangangailangan ng mga mag-aaral tulad ng pakikibahagi, motibasyon, at awtput ng pagkatuto gamit ang *flipped classroom*. Bunga nito, importante na mabatid kung ano ang mga naging karanasan ng mga mag-aaral para mas mapabuti pa ang mga resulta ng kanilang pag-aaral (Huan, et al., 2023).

Hindi lamang sa mga mag-aaral, ang *AI* ay malaking tulong din sa mga guro. Ilan sa mga benepisyong nakukuha ng mga guro sa paggamit ng *AI* ay mga pamamaraan at estratehiya sa pagtuturo, mga kagamitang pampagtuturo, mga aralin at gawain, at marami pang iba. Ayon kina Collie at Martin (2025), mithiin ng mga guro na isama ang paggamit ng *AI* sa edukasyon ng sa gayon ay malaman nila kung paano magkaroon ng tiwala sa paggamit ng *AI*. Karagdagan rito, may mga iminungkahing puntos ang mga guro tulad ng pagdisenyo ng mga kagamitang angkop sa makabagong pagkatuto, at pagbuo ng mga gabay na magpapalakas ng tiwala at seguridad sa paggamit ng teknolohiya (Cardona et al., 2023). Isang nakawiwiling ideyang dapat pagtuunan ng pansin na ang *AI* ay hindi lamang angkop at ginagamit ng mga mag-aaral kundi pati na ng mga guro. Malinaw na ang mga guro at mag-aaral ay positibo at bukas sa paggamit ng *AI* bilang katuwang sa pagkatuto at pagtuturo ng asignaturang Filipino. Ipinakita ng mga guro ang kumpiyansa sa paggamit ng *AI* sa pagbibigay ng fdbak at pagsusuri ng gawain ng mag-aaral. Ang integrasyon ng *AI* sa edukasyon ay nagpapakita ng makabuluhang hakbang tungo sa mas episyente at makabagong pagtuturo. Ayon sa pag-aaral may balanseng ugnayan sa pagitan ng teknikal na kasanayan ng mga mag-aaral sa *AI* at pedagohikal na gabay ng mga guro (Silagan & Samarca, 2025).

Ang katanyagan ng *AI* sa makabagong panahon ay nagbukas ng maraming oportunidad lalo na sa mga guro

at mga mag-aaral. Kaya nitong baguhin ang tradisyunal na pamamaraan ng pagkatuto dahil sa *personalized learning experience at adaptive learning platforms* na nakapagbibigay ng mas nararapat na kurikulum batay sa kakayahan at pangangailangan ng mag-aaral. Nagiging mas epektibo at kapaki-pakinabang ang kurikulum sapagkat ito ay nakapokus sa indibidwal na pangangailangan ng mga mag-aaral at nakapagbibigay ng wastong solusyon sa isyung kinakaharap nila (Canite et al., 2025). Katanggap-tanggap ang ideya na ang *AI-based* na sistemang pagtuturo ay nakapagpapaunlad sa akademikong pagganap ng mga mag-aaral sa pamamagitan ng *automated feedback at personalized recommendations*. Maliban pa dito, ang paggamit ng *AI* at iba pang klase ng teknolohiya sa edukasyon na naglalayon na maihanda ang mga mag-aaral sa hinaharap ay nagpapatunay ng konektyon ng *AI* at katangiang pambansa sa akademya. Dahil dito, nagkakaroon ng mga pagtatangka na sumusuri kung paano itaguyod ang pagtuturo at pag-aaral sa *AI* para sa mga mag-aaral sa pamamagitan ng mga konteksto sa loob at labas ng paaralan. Canite et al. (2025).

Ayon sa artikulo ng GMA Regional TV News sa pahayag nina Galvez at Reyes na “*Ang AI ay hindi lang dapat nasa wikang Ingles. Sapagkat kairalan na ngayon at kalakaran ang AI. Kung kaya’t, dapat sa Filipino, natatalakay din ito*”. Binanggit nila na mahalaga ang pag-aaral kung paano magamit ang *AI* sa pagsusulat at pananaliksik sa Filipino, pati na rin ang interaksyon gamit ang Filipino bilang wika. Ang hamong ito ay sumasalamin sa kahalagahan ng *AI* na dapat ring nakaangkop sa pangangailangan ng isang bansa upang lubos na mapakinabangan ng marami. Samantala, sang-ayon sa *DepEd Order No. 16, s. 2023* na nagpatupad ng *MATATAG K to 10 Curriculum*, pinagtutuunan ng pansin ang *technology literacy* bilang isang importanteng aspeto ng kasanayan ng ika-21 siglo. Isang mahusay na hakbangin sa pagpapalago at pag-unlad sa kasanayan sa pagbuo ng mga ideya at mapanuring impormasyon ang pagyakap sa makabagong teknolohiya katulad ng mga aplikasyon na dulot ng *AI tools*. Ngunit sa opisyal na kautusang ito ay hindi partikular na binanggit ang paggamit ng *AI* sa pag-aaral ng mga kabataan ni ang sa pagtuturo ng mga guro.

Gayundin, ang pagtataguyod ng etikal at tamang paggamit ng *AI* sa edukasyon para makamitan ang karapatan, dignidad, at kultural na pagkakakilanlan sa bawat mag-aaral ay nakabatay naman sa *UNESCO Recommendation on the Ethics of Artificial Intelligence* (2021). Isinasaad dito ang paggamit ng *AI* bilang kaangkupan sa pag-unlad habang isinusulong ang *transparency, accountability, at inclusivity*. Kaugnay sa nabanggit na impluwensiya ng *AI* sa pag-aaral ay ang katotohanang ang mga mag-aaral sa panahon ngayon ay mulat sa mga makabagong teknolohiya at kasangkapan na nagpapadali ng kanilang paggawa ng mga proyekto at gawain. Ang *AI* bilang isang *tool* ay nagiging gabay ng mga mag-aaral sa pagkatuto at paghubog ng kanilang pagkamalikhanga isipan. Sa katunayan, maging ang mga mag aaral sa baiting 8 ng Pambansang Mataas na Paaralan ng Quezon sa Bulan, Sorsogon ay nagpatunay na sila man ay natutong gumamit ng *AI* para mapadali at mapabuti ang kanilang pag-aaral.

Epekto ng Paggamit ng AI - Ang penomenolohikal na pag-aaral na ito ay naglahad ng mga danas ng mag-aaral hinggil sa paggamit nila ng mga *AI tools* sa pag-aaral. Sa bahaging ito, patuloy na ipapaunawa ng mananaliksik ang mga positibo at negatibong epekto ng paggamit ng artipisyal na intelihensiya. Ito ay bunsod ng hangarin na maberipika at masuri kung paano ito nakakaimpluwensiya sa mga indibidwal at grupo na gumagamit nito, lalong lao na sa larangan ng edukasyon. Gayundin, nilinaw ng mananaliksik kung paanong ang mga *AI tools* ay nagbigay impak maging sa pagkatutuo ng mga mag-aaral sa asignaturang Filipino. Sa internasyonal na kaganapan, ang artipisyal na intelihensiya ay nagpakita ng positibong epekto sa edukasyon na pinatunayan sa pag-aaral ni Koedinger et al. (2015). Ang makabagong teknolohiyang ito ay nagbibigay-daan sa mga mag-aaral na magkaroon ng malawak na akses sa impormasyon, mas interaktibong pag-aaral, at mas personalisadong karanasan sa pagtuturo. Ipinapakita nito kung paano ang mga modernong teknolohikal na kagamitan, kabilang ang *Artificial Intelligence (AI)*, ay nakakatulong sa pagpapabuti ng kalidad ng edukasyon sa kasalukuyan (Kuss, et al., (2018). Ngunit, ayon kina Selwyn et al. 2022, bagamat nakatutulong ang *AI* sa *personalized learning*, isa sa mga hamong dala nito ay limitahan ang kakayahan ng mag-aaral sa kritikal na pag-iisip at pagsasarili sa paggawa ng akademikong gawain. Sa ganitong paraan, nawawalan ng basehan ang mga argumento at patuloy na umaasa na lamang ang mga mag-aaral sa *AI*.

Ang paggamit ng *AI* ay kinikilala bilang malaking hakbang sa pagkatuto ng mga mag-aaral dahil sa

impormasyong ibinibigay nito at dahil sa mas praktikal at madaling gamitin kaysa sa mga libro. May mga nagsasabing marami itong hindi magandang epekto (Castañeda, 2023). Sa kaniyang pag-aaral, ang pinakalantarang masamang epekto ng *AI* ay natutukso kang maging tamad at mandaya. Likas naman sa tao ang humanap ng pinakamadali at mabilis na paraan. Ngunit habang napapadali ng teknolohiya ang ating buhay, nakababahala na magdulot ito ng pagbagsak ng sangkatauhan. Sa labis na paggamit ng *AI*, hindi na galing sa sariling kakayahang mag-isip ng mga mag-aaral nakadepende ang pagsagot at paggawa ng kanilang mga aralin, bagkus ay naayon na lamang sa kung ano ang ibinibigay na impormasyon ng *AI*.

Dagdag pa rito, *AI* ay ginagamit upang matulungan ang mga mag-aaral na matuto ng mga bagay na hindi nila alam, tulad ng mga konsepto sa matematika, siyensiya, at iba pa. Ang mga benepisyo ng paggamit ng nito sa edukasyon ay marami at isa na rito ito ay nagpapahintulot sa mga mag-aaral na matuto ng mga bagay na hindi nila alam sa isang mas mabilis at mas epektibong paraan (Macapinac, 2025). Gayundin, ang mga mag-aaral ay may positibong pananaw sa paggamit ng *AI* lalo na sa pagsulat ng akademikong komposisyon sa Filipino. Nakita nilang ito ay kapaki-pakinabang at madaling gamitin, kaya't umusbong din ang kanilang positibong saloobin at intensyon na gamitin ito sa mga gawaing akademiko (Calvo & Saldua, 2025). Maraming iba't ibang *AI tools* ang ginagamit ng mga mag-aaral pati na rin ng mga guro sa loob ng klase. Ayon sa pananaliksik na ginawa nina Domal-ot, et al (2023), ang paggamit ng *AI* katulad ng *Chatgpt* ay may epekto sa resulta ng pag-aaral sa mas mataas na antas ng edukasyon. Maaari itong maging negatibo o positibo ayon sa lebel ng pagkadepeinde dito, kung ano ang target sa paggamit nito at kung paanong paraan ginamit ito. Sa kabilang banda, bagama't may mga positibong epekto ang paggamit ng *AI*, ang mga mag-aaral ay humaharap rin sa mga hamon sa paggamit nito, tulad ng pagkabalisa, pagkagulat, at pagkawala ng kontrol sa mga teknolohiya. Dahil dito, kailangan ng mga pag-aaral na magbigay ng solusyon sa mga problema na ito at magbigay ng mga rekomendasyon para sa mga guro at mga mag-aaral.

Ang mga hamong dala ng *AI* ay nagpapakita ng mga pagkakaiba ng mga epekto nito sa edukasyon, kung kaya't nangangailangan rin ng mga karagdagang pag-aaral upang malaman ang iba pang mga karanasan ng mga mag-aaral sa paggamit ng *AI*. Lumabas sa resulta ng saliksik ni Fabella (2023) na ang pagkakaroon ng pagkakamali, banta sa maling paggamit, posibleng kakulangan sa kredibilidad ng mga impormasyon, at mga kasagutang may pagkiling mula sa *AI Tool* ang nagiging rason sa pagkakaroon ng mga mag-aaral ng negatibong pananaw ukol sa paggamit nito. Natuklasan din sa pagsusuri nina Silagan and Samarca (2025) na may kabuluhang ugnayan ang kalaaman, handaan at integrasyon ng mga mag-aaral sa pagkatuto gamit ang *AI*. Nagpapahiwatig ito na handa ang mga mag-aaral sa mas aktibong pagkatuto na nangangailangan din ng mataas na kasanayan ng mga guro sa paggamit ng *AI* upang epektibo ang pagtuturo sa Filipino. Kaya nga, bago pumasok ang mga mag-aaral kinakailangang maging handa sila at ang pagsagot ng kanilang takdang-aralin ay paraan upang malaman ang pinakapaksa. Sa pamamagitan ng *AI*, natutulungan silang maunawaan ang mga konsepto at makabuo ng mga awtput ng tama.

Napatunayan na ang antas ng kaalaman sa pag-unawa ng mga mag-aaral sa pagbibigay kahulugan ng mga bokabularyo bago basahin ang akdang pampanitikan ay nasa antas na lubhang kasiya-siya. Nangangahulugan ito na may mas mataas na pag-unawa ng mga mag-aaral na bigyang kahulugan ang mga salita ayon sa kanilang pag-unawa. Kaya naman, ang tulong ng *AI* sa pagsasalin sa simpleng salita ay makaaambag ng malaki sa pagkatuto ng mga mag-aaral sa asignaturang Filipino (Glynes et al., 2025). Binanggit naman nina Enriquez et al., (2023) na nagreresulta ang negatibong mga pananaw ng mga mag-aaral sa paggamit ng *AI Tool* mula sa mga alalahanin tungkol sa kahusayan, kredibilidad, o etikal na implikasyon nito sa mga gawaing pang-akademiko. Ang pagsisiyasat sa mga pananaw na ito ay nagbibigay ng mahahalagang kaalaman tungkol sa pagtanggap o pagtutol ng mga mag-aaral sa paggamit ng *AI Tool*. Ang pagiging pribado ng mga datos at seguridad ay tinitingnan din na mahalaga sa mga mag-aaral kapag gumagamit ng mga kasangkapang pinagagana ng *AI Tool*.

Samakatuwid, hindi maikakaila na may mga masama ring epekto ang *AI* sa larangan ng edukasyon. Ayon kay Canite, et al (2025), may mga limitasyon ang paggamit ng *AI* sa pag-unawa ng mas malalim na kaligiran ng wika. Ang mga modelo sa pagproseso ng wika tulad ng *Generative Pre-trained Transformer (GPT)*, ay kayang makabuo ng mga makatotohanang materyal ng babasahin subalit walang ganap na pag-unawa sa katuturan ng kanilang

ibinigay na impormasyon. Isiniwalat din sa kanilang pag-aaral na ang *AI-generated text* ay pwedeng magkaroon ng bias na makapagdudulot ng maling impormasyon. Ilan pa sa mga epekto ng *AI* sa edukasyon ay inilalahad sa *action research* na ginawa ng mga mag-aaral sa City of Malabon University (2024), na ibinatay nila sa isang blog post, taong 2023, “Ang *AI* nagbibigay ng agarang pagsusuri sa performance ng mga mag-aaral. Ang mga *AI* systems ay nag-aaral ng mga tugon at nagbibigay ng malalim na feedback na mabilis at walang kinikilingan.” Dagdag pa sa blog post, “dahil dito, natutuhan ng mga mag-aaral na malaman ang mga perspektibo na dapat nilang mapabuti at maituwid ang mga pagkakamali, na makakapagpaunlad ng kanilang pagkatuto.” Sa paggamit ng mga *AI tools*, nagagawa ng mga mag-aaral na unawain ang mga ideyang nakapaloob sa mga pahayag ng guro. Ang pagkakaroon ng malawak na bokabularyo ay susi sa pang-unawa at pakikilahok sa proseso ng komunikasyon.

Sa pangkalahatan, ipinakikita ng mga umiiral na legal at *policy frameworks* na ang paggamit ng *AI* sa pagtuturo at pagkatuto ng Filipino ay isang makabagong hakbang, na nakabatay sa alituntuning pambansa at pandaigdigang gawing makabuluhan, makatarungan, at etikal na edukasyon para sa lahat. Ang pag-aaral na ito ay isang patunay na may penomenon sa patuloy na paggamit ng mga mag-aaral maging ang mga guro sa patuloy na pagsikhay ng karunungan. Ito ay hindi mapasusubalian sapagkat maraming mga pag-aaral ang ginawa hinggil sa gamit, epekto, at mga hamong dala ng *AI* sa edukasyon. Kaya naman, upang maiwasan ang di-magandang resulta lalo na sa kapakanan ng mga gumagamit, patuloy ang mga pananaliksik upang magbigay ng mga angkop na solusyon at rekomendasyon tungo sa mas epektibo at mabisang paggamit ng *AI* lalo na sa mga kabataan.

Layunin – Ang pag-aaral na ito ay naglalayon na malaman ang mga danas ng mga mag-aaral sa baitang 8 sa paggamit ng *AI* sa asignaturang Filipino. Samantala, espesipikong layunin nito na, (1) Malaman ang mga danas ng mga mag-aaral sa paggamit ng *Artificial Intelligence (AI)* sa asignaturang Filipino, (2) Matukoy ang pedagogikal na implikasyon ng paggamit ng *Artificial Intelligence (AI)* sa Asignaturang Filipino at, (3) Makabuo ng gabay sa paggamit ng *Artificial Intelligence (AI)*.

2. Metodolohiya

Ang bahaging ito ay kinapapalooban ng disenyo ng pananaliksik, pinagkunan ng datos, etika ng pananaliksik, instrumento ng pag-aaral, pangangalap ng datos, at pagsusuri ng datos. Ang mga bahaging ito ay naging basehan upang organisadong mabuo ang pag-aaral.

Disenyo ng Pananaliksik - Tiniyak sa pag-aaral na ito na malaman ang mga danas ng mag-aaral sa Baitang 8 ng Quezon National High School hinggil sa paggamit nila ng *AI* sa mga gawaing pang-akademiko sa Filipino. Sa bahaging ito ay nakalahad mga detlaye kaugnay sa pamamaraan ng pagkuha ng mga datos na kinailangan sa pagsasakatuparan ng pag-aaral na ito. Makikita rito ang disenyo ng pag-aaral, pinagkunan ng datos, etika ng pananaliksik, instrumento ng pag-aaral, pagkuha ng datos at maging ang pag-aanalisa ng datos. Kuwalitatib-deskriptib na disenyo ng pag-aaral, gamit ang penomenolohikal, ang ginamit ng mananaliksik. Ayon kay McCombes (2022), ang deskriptibong disenyo ng pananaliksik ay maaaring gumamit ng iba't ibang pamamaraan ng pananaliksik upang siyasatin ang isa o higit pang mga varyabol. Nakapokus ang naturang disenyo ng pananaliksik na tukuyin ang sistematikong pamamaraan na naglalayong ilarawan, maunawaan, at bigyang-kahulugan o linaw ang mga katanungan o suliranin ng kasalukuyang pag-aaral. Partikular ang penomenolohikal na lapit na disenyo. Ang penomenolohikal na disenyo ayon kay Criswell (2018) ay naglalayong ilarawan at unawain ang kahulugan ng karanasan ng mga indibidwal tungkol sa isang partikular na karanasan.

Pinagkunan ng Datos - Ang pag-aaral na to ay gumamit ng *purposive sampling technique*, na ayon kay Heath (2023) ay isang uri ng non-probability sampling na kung saan pinipili ng mananaliksik ang mga kalahok batay sa tiyak na pamantayan o layunin ng pag-aaral. Pinili ang 13 mag-aaral sa baitang 8 ng Quezon National High School, taong panuruan 2025-2026, na gumagamit ng *artificial intelligence*. Sila ang pinagkunan ng danas kaugnay sa paggamit ng *AI* sa asignaturang Filipino. Kasama rin sa mga pinagkunan ng datos ang tatlong (3) guro ng Filipino na nagtuturo sa nabanggit na baitang at paaralan upang malaman ang ginagamit nilang *AI* sa pagtuturo at malaman din ang kanilang obserbasyon sa awtput ng mga batang gumagamit ng *AI* bilang bahagi ng pedagogikal na

implikasyon nito. Ang pagpili sa mga kalahok ay base sa pamantayang sila ay gumagamit ng *AI* sa mga espesipikong gawain asignaturang Filipino.

Etika ng Pananaliksik - May mga etikal na pamantayan na isinaalang-alang sa buong proseso ng pag-aaral. Tiniyak ng mananaliksik na boluntaryo at hindi pinilit ang bawat kalahok at binigyan din sila ng *assent form* na nilagdaan ng kanilang mga magulang. Kaugnay nito, pinanatili din ang pagiging kumpidensyal ng lahat ng datos na nakalap sang-ayon sa Data Privacy Act ng 2012, kilala rin bilang Republic Act No. 10173 na layunin nitong protektahan ang personal na impormasyon ng indibidwal sa mga sistema ng impormasyon at komunikasyon sa parehong gobyerno at pribadong sektor maging sa bahagi ng kasalukuyang pag-aaral. Siniguro na ginamit lamang ang mga ito para sa kasalukuyang pag-aaral.

Instrumento ng Pag-aaral - Inihanda ng mananaliksik ang dalawang set ng mga katanungan para sa isinagawang FGD sa labintatlong mag aaral sa baitang 8 at sa 3 guro sa asignaturang Filipino. Ang mga gabay na tanong na ginamit sa pangangalap ng datos ay dumaan sa *interview simulation* na kung saan 2 mag-aaral ang tinanong upang malaman kung kaya nilang sagutin ang mga katanungang inihanda. Ang mga hanay ng mga tanong ay dumaan sa konsultasyon ng mga panel para malaman ang mga katanungang kailangang idagdag. Ang mga tanong ay umikot sa mga detalye kung ano-anong uri ng AI ang ginamit ng mga mag aaral at mga guro sa asignaturang Filipino. Gayundin, ang mga mag-aaral ay binigyan ng pagkakataon na matukoy kung paano nakatulong ang AI sa pagtuturo ng guro sa Filipino at ano ang mga benepisyong dulot ng AI sa kanilang-pag aaral. Dagdag pa rito, ang mga respondenteng-mag aaral ay naglahad ng kanilang mga danas tungkol sa mga hamong kinaharap nila sa paggamit ng AI sa asignaturang Filipino at nakapagbigay ng mga payo sa kapwa nila mag-aaral sa paggamit ng AI.

Para sa mga respondenteng guro, ang mananaliksik ay naghanda ng hanay ng mga katanungan para sa FGD at intrebyu. Ang pamamaraang ito ay naisakatuparan tuwing hapon sa panahong bakante ang mga guro sa kanilang pagtuturo. Gumamit ang mananaliksik ng *audio recorder* para maisiguro na kompleto at malinaw ang mga pahayag ng kalahok. Gayundin, ilan sa mga katanungang ito ay nakapokus sa pagtukoy ng AI tools na ginagamit nila sa pagtuturo ng asignaturang Filipino at mga partikular na gawain na ginagamitan nila ng AI. Dagdag pa dito, ang mga guro ay naglahad ng kanilang mga danas sa mga benepisyong dulot ng AI sa pagtuturo at pagkatuto ng mga mag-aaral sa asignaturang Filipino at hamong dulot ng AI sa pagkatuto ng mga mag-aaral sa Filipino. Ayon kay Mishra (2023), ang FGD at interbyu ay lumilikha ng pagkakataon na makapag-ipon ng mga datos mula sa interaksyon ng grupo, na nakatuon sa paksa. Mabilis itong nagbibigay ng mga resulta at pinapayagan nito ang mananaliksik na palawakin ang laki ng sample ng mga pag-aaral na kuwalitatibo.

Pangangalap ng Datos - Ang pag aaral na ito ay dumaan sa sistematiko at organisadong pamamaraan ng pangangalap ng datos. Sa bahaging ito, pagkatapos na matukoy ng mananaliksik ang mga respondente, ipinagbigay alam sa kanila ang layunin ng pag-aaral at hiningi ang kanilang pahintulot sa pamamagitan ng pagbibigay sa kanila ng *assent form* na kanila ring ipinaalam at ipinabasa sa kanilang mga magulang bago nila pirmahan. Layunin ng hakbang na ito na maisiguro ang kaligtasan ng mga kalahok laban sa anumang kapinsalaang maaaring magdulot ng suliranin sa kanila. Upang makalap ang danas ng mga mag-aaral sa paggamit ng AI, ang mananaliksik ay bumuo ng isang iskedyul upang personal na makapanayam ang mga kalahok at maimbitahan ang bawat isa sa isasagawang FGD. Kaya noong umaga ng Disyembre 11, 2025, unang naisagawa ang FGD na dinaluhan ng labintatlong mga mag-aaral sa baiting 8. Sila ay tinanong isa-isa ng mananaliksik batay sa nakahandang mga katanungan. Gayundin, upang mas makapagbigay ang malalim na kasagutan, nagbigay din ng mga follow-up questions ang mananaliksik. Pagkatapos ng FGD, sunod na ininterbyu ang tatlong guro sa Filipino at binigyan sila ng pagkakataong makasagot sa mga naihandang katanungan.

Sa aktuwal na FGD at interbyu, gumamit ang mananaliksik ng audio recorder upang makuha ang mga datos na wasto at kumpleto at maingat ang mga impormasyon. Gayundin, ito ay nakatulong bilang katunayan ng mga resulta na maaaring i-playback upang matiyak na tama at makatotohanan ang mga datos. Ang pagkokolekta ng mga datos sa pag-aaral na ito ay sumunod sa tamang sistema at panuntunang etikal. Siniguro din ng mananaliksik

na pananatiliing kumpidensyal ang mga impormasyon na nakalap pati na rin ang mga pangalan ng mga respondente. Pagkatapos ng pagkokolekta ng datos, isusunod ang pagsasaayos ng mga ideya gamit ang pagsusuri gamit ang *thematic analysis*.

Pagsusuri ng Datos - Ang mga nakalap na datos mula sa mga mag-aaral at guro ng baiting 8 ay pinag-aralan ng mananaliksik gamit ang mga pamamaraang kuwalitatibo. Masusi at maingat na pagpresenta at pag-analisa ang ginawa upang mailahad ang resulta mula sa isinagawang FGD at interbyu. Sa unang layunin kung saan ang pokus ay ang mga danas ng mag-aaral sa paggamit ng AI, para sa kuwalitatibong mga kasagutan, ginamit ang *thematic analysis* upang maigrupo ang mga perspektibo at karanasan ng mga respondente sa pag-aaral. Dagdag pa, ang pamamaraan na ito ay ginamit upang tuklasin at ipaliwanag ang mga tema o *pattern* mula sa mga kasagutan ng mga kalahok. Sa unang layunin kung saan ang pokus ay ang mga danas ng mag-aaral sa paggamit ng AI, limang pangunahing tema ang nabuo at bawat tema ay may dalawa o tatlong kaugnay na tema. Samantala, sa ikalawang layunin, ang pedagogikal na implikasyon ng AI sa asignaturang Filipino, may nabuong tatlong pangunahing tema at may dalawa o tatlo ring kaugnay na tema. Pagkatapos nito, gumawa ng maingat ng interpretasyon ang mananaliksik na naging batayan ng mga rekomendasyon para sa balanse at epektibong paggamit ng AI sa pagtuturo at pagkatuto sa Filipino.

3. Natuklasan

Sa bahaging ito inilalahad ang pagtalakay sa mga datos batay sa resulta ng pananaliksik. Sinuri at binigyang interpretasyon ang mga resulta batay sa mga layunin at suliranin ng pag-aaral upang magsilbing batayan sa pagbuo ng kongklusyon at rekomendasyon.

Mga Danas ng mga Mag-aaral sa Paggamit ng AI sa Asignaturang Filipino - Ang labintatlong kalahok na mga mag-aaral mula sa baiting 8 ang pinagkunan ng mga datos tungkol sa kanilang danas hinggil sa paggamit ng AI sa asignaturang Filipino. Ang mayayamang karanasan ng bawat isa sa kanila ay naitala ng mananaliksik upang maging pundasyon ng mga konseptong nabuo mula sa penomenolohikal na pag-aaral na ito. Ang Talahanayan 1 ay naglalahad ng mga datos na nakalap ng mananaliksik hinggil sa mga gawaing ginagamitan ng AI ng mga mag-aaral sa asignaturang Filipino. Ito ay nagpapakita ng mga uri ng AI na ginamit at mga espisipikong paksa sa Filipino na may bakas ng AI. Ang mga datos na nailahad ay pagbabasehan ng mananaliksik upang makabuo ng mga kongklusyon at rekomendasyon upang maging mayaman at epektibo ang penomenolohikal na pag-aaral na ito hinggil sa danas ng mga mag-aaral sa baiting 8.

Talahanayan 1

Danas sa Paggamit ng AI

Gawaing Ginagamitan ng AI	Uri ng AI	Ginagamitan ng AI
Pagsasagawa ng mga Gawain	Cici, Tiktok Tako, Google AI, Meta AI, ChatGpt	Paggawa ng Iskrup Boook Pagbuo ng Proyekto sa Florante at Laura Pagsulat ng Tula Rebyuwer para sa Pagsusulit
Pag-unawa sa mga Mahiirap na Aralin	Cici, Tiktok Tako, Google AI, Meta AI, ChatGpt	Pag-uulat ng Bawat Kabanata ng Florante at Laura Pagsulat ng Iskrip para sa Kabanata 1 Paggawa ng Tableau Anim na Manunulat sa Panahon ng Himagsikan
Pagbibigay-kahulugan sa Malalalim na Salita sa Filipino	Meta AI, Cici, Google AI	Paghanap ng Kahulugan ng Malalalim na Salita sa Florante at Laura Paggamit sa Pangungusap ng mga Talasalitaan

Ang Talahanayan 1 ay naglalahad ng mga datos na nakalap ng mananaliksik hinggil sa mga gawaing ginagamitan ng AI ng mga mag-aaral sa asignaturang Filipino. Ito ay nagpapakita ng mga uri ng AI na ginamit at mga espisipikong gawain o aralin sa Filipino na may bakas ng AI. Ang mga datos na nailahad ay naging basehan ng mananaliksik upang makabuo ng mga kongklusyon at rekomendasyon upang maging mayaman at epektibo ang penomenolohikal na pag-aaral na ito hinggil sa danas ng mga mag-aaral sa baiting 8. Kapansin-pansin mula sa mga

salaysay ng kalahok ang kanilang tiwala sa paggamit ng mga *AI tools* lalo na sa mga gawaing may kaugnayan sa asignaturang Filipino. Ang mga kalahok ay kadalasang sinasangguni ang mga *AI tools* sa mga gawain sa Filipino tulad na lamang nang pagpapayabong ng bokabularyo at pagsangguni tungkol sa mga takdang-aralin at proyekto. Ang iba naman sa kanila ay ginagamit ang mga ito upang masagutan ang mga katanungang ibinigay sa kanila ng kanilang guro. Sa parting ito ay ilalahad ng mananaliksik ang danas ng mga mag-aaral sa baiting 8 hinggil sa paggamit nila ng *AI* lalo na sa Filipino. Ang mga respondenteng-mag-aaral ay naging bukas sa pagsagot sa katanungan ng mananaliksik kaugnay sa mga partikular na gawain sa Filipino na ginagamitan nila ng *AI*. Nakakalap ng iba-iba at makatotohanang sagot ang mananaliksik na naging daan upang mabuo niya ang mga temang sapat at angkop para maipaliwanag ang konseptong nakapaloob.

Pagsasagawa ng mga Gawain. Ang temang ito ay naglalarawan sa danas ng mga mag-aaral hinggil sa partikular na gawain sa Filipino na ginagamitan nila ng *AI*. Anim (6) sa mga kalahok ang nagpahayag na ginagamit nila ang *AI tools* upang masagutan ang mga takdang aralin na ibinibigay ng kanilang guro. Sa katunayan, ang kalahok bilang 1, 10, 8, 7, 4, at 9 ay nagpatunay na ginagamit nila ang *Dola, Tiktok Tako, Google AI, Meta AI* and *ChatGpt* upang may maisumite sila sa kanilang guro sa Filipino na mga gawaing ginawa sa tahanan.

Nang tanungin ang mga respondenteng mag-aaral kung saan nila partikular na ginagamit ang *AI*, sinabi ng kalahok 1 na, “Ginagamit ko ito sa mga *assignments* na hindi ko naiintindihan”. Gayundin, ang kalahok 10 ay nagpahayag na “...sa mga *assignments* na may paliwanag ang hinihinging sagot...”. Isa pa, ang kalahok 8 ay nagsabi na “...tulad ng mga takdang aralin at sa mga bagay na hindi ko maintindihan” at ang kalahok 7 ay nagwika na, “...ang paghahanap ng mga kahulugan ng isang salita na hindi ko maintindihan, upang maayos ko ang aking ginagawa na mga takdang aralin”. Samantala, ang sagot ng kalahok 4 ay “...paggamit para sa assignment at pag tumbas ng mga salitang malalim”. Sa huli, ang kalahok 9 ay sinambitla na “Tuwing mayroong assignment at tuwing may hindi ako alam na isang word na malalim, ang ginagawa ko ay i-transleyt sa *google*”.

Bilang karagdagan, nabanggit ng mga kalahok na ginamit nila ang iba’t-ibang uri ng *AI* sa mga espesipikong gawain sa Filipino. Ang kalahok 1 at 6 ay nagwika na, “Sa paggawa namim ng proyekto tulad scrapbook sa Florante at Laura, kumuha po kami ng mga ideya kung pano mapaganda ito at kung pano ang paggawa nito”. Samantala, ang kalahok 2 naman ay sinambitla na, “...kumuha ako sa *AI* ng ideya para sa paggawa ng tula.” Gayundin, ang kalahok 5 ay nagpatotoo na, “...ginamit ko ang *AI* sa paggawa ng rebyuwer para sa pagsusulit”. Ang mga direktang pahayag ng anim na kalahok sa itaas na talata ay nagpapatunay na lubhang kapaki-pakinabang ang mga *AI tools* sa pagsagot at paggawa nila ng mga takdang-aralin. Naging parte na ng tagumpay ng mga mag-aaral sa pagsagot nila ng mga gawain ang pagkonsulta sa mga *AI tools* upang lalo nilang maintindihan ang mga ito. Sa panahon ng focus group discussion, ang mga kalahok ay hindi lamang naging totoo sa kanilang mga kasagutan, kundi nadiskubre rin ng mananaliksik ang magandang maidudulot ng *AI* sa pagkatuto sa asignaturang Filipino. Ayon kay Cubelo (2025) may mga *AI tools* na kayang sagutin ang mga tanong ng estudyante, magpaliwanag ng mahihirap na paksa, at gumawa ng mga araling nakabatay sa kakayahan ng bawat mag-aaral. Dahil dito, nagiging mas personal at nakatutok ang pagkatuto ng bawat isa. Kahit sa paggawa ng takdang-aralin nabibigyan ng pagkakataon ang mga mag-aaral na tapusin ang mga ito dahil sa gabay at mga suhestiyon na kaya nitong ibigay.

Pag-unawa sa mga Aralin. Ang mga danas ng mag-aaral hinggil sa paggamit nila ng *AI* ay lubhang makabuluhan upang mas lalong maunawaan ang kalahagahan ng mga makabagong paraan para sa pagkatuto ng mga mag-aaral. Lima (5) mula sa labintatlong (13) mag-aaral ang naglahad na ginagamit nila ang mga *AI tools* upang maintindihan ang mga mahihirap na aralin. Ang kalahok 1, 3, 8, 2, at 6 ay nagbigay-pahayag na sa pagkakataong mahirap ang aralin, sumasangguni sila sa mga *AI tools*. Upang bigyang katuturan ang halaga ng *AI tools* sa asignaturang Filipino, ang kalahok 1 ay direktang nagsabi na ginagamit niya ang mga ito, “...kung ang example lesson ay hindi ko naiintindihan”. Karagdagan dito ay ang sinabi ng kalahok 3 na, “kapag hindi ko maintindihan ang pahayag, gumagamit ako ng *AI*”. Bukod pa rito, pinahayag ni kalahok 8 na “At sa mga bagay na hindi ko maintindihan, ang *AI* ang nilalapitan ko. At ang kalahok 2 ay sumambitla na, “...kapag po may mga tanong na hindi ko maintindihan at kapag po may malalalim na Tagalog”. Gayundin, ang kalahok 6 ay nagpahayag

na “Ang ginagamitan ko po ng *AI* ay ang mga pangungusap na hindi ko masyadong maintindihan”.

Ang limang kalahok na binanggit ay nagkumpira na mayroong magandang dulot ang *AI tools* upang mas lalong maintindihan lalo na ang mga araling totoong mahirap unawain. Ang puntong ito ay maaring gamitin upang mailahad ang konsepto ng *AI tools* bilang tulong sa pagkatuto ng mga estudyante lalo na sa asignaturang Filipino. Bukod dito, ang penomenolohikal na pag-aaral na ito na tumatalakay sa danas ng mga mag-aaral sa paggamit ng *AI tools* ay magsisilbing gabay upang mas lalo pang mabigyan ng pansin ang epektibong paggamit nito sa larangan ng edukasyon. Gayundin, bilang pagpapatunay sa mga pahayag ng mga kalahok, may mga espisipikong gawain sa Filipino ang ginamitan nila ng AI. Tulad na lamang ng kalahok 3, siya ay nagpahayag na, “Pinag-ulat nya (guro) kami ng ibat’t ibang kabanata kung saan kami *naassign*”. Isa pa, ang kalahok 1 ay binanggit na, “ginamit ko ang AI para sa *tableau* ng Florante at Laura at paggawa ng iskrip sa kabanata 1 at sa iba pang kabanata”. Panghuli, ang kalahok 9 ay panatag na sinabing, “Ginamit ko ang AI para mas lalong matutunan ang 6 na manunulat sa panahon ng himagsikan, niresearch ko kung kelan sila ngsimulang magsulat at ano ang kanilang mga ambag sa panahon ng himagsikan”.

Natuklasan din sa pagsusuri nina Silagan and Samarca (2025) na may kabuluhang ugnayan ang kalaaman, handaan at integrasyon ng mga mag-aaral sa pagkatuto gamit ang AI. Nagpapahiwatig ito na handa ang mga mag-aaral sa mas aktibong pagkatuto na nangangailangan din ng mataas na kasanayan ng mga guro sa paggamit ng AI upang epektibo ang pagtuturo sa Filipino. Kaya nga, bago pumasok ang mga mag-aaral kinakailangang maging handa sila at ang pagsagot ng kanilang takdang-aralin ay paraan upang malaman ang pinakapaksa. Sa pamamagitan ng AI, natutulungan ang mga mag-aaral ng mga bagong kaalaman at kasanayang kaugnay sa ituturong aralin.

Pagbibigay-kahulugan sa Malalalim na Salita sa Filipino. Ang mga mag-aaral sa baiting 8 na kalahok sa penomenolohikal na pag-aaral na ito ang siyang naging daan upang makalap ng mananaliksik ang mga datos tungkol sa danas nila sa paggamit ng *AI tools* sa mga gawain sa Filipino. Kaugnay nito tatlo (3) sa mga kalahok ang nagpahayag na ginagamit nila ang AI tuwing may mga malalalim na salita sa Filipino na hindi nila kayang unawain. Kabilang sa mga respondenteng nabanggit ay ang kalahok 12, 13, at 9 na naging matapang sa pagsagot sa panahon ng interbyu at *FGD*. Bilang katunayan, sinabi ni kalahok 12 na, “Ginagamit ko ang *AI* sa mga panahong nagbibigay ang guro ng mga salitang mahirap unawain”. Ito ay kinumpirma ni kalahok 13 at sinabing “...Sa pagtranslyt ng mga salita na hindi ko naiintindihan”. Gayundin, sinang-ayunan ni kalahok 9 ang mga naunang salaysay at pinahayag na “Tuwing mayroong assignment at tuwing may hindi ako alam na isang word na malalim ang ginagawa ko ay ipinapa-*translate* ko sa *google*”. Samantala, binanggit ng kalahok 6 na, “Ginamit ko ang AI para sa talasalitaan ng Florante at Laura, gayundin, sa pagbuo ng mga pangugusap gamit ang mga malalalim na salita sa Filipino.

Ang mga direktang pahayag ng kalahok 12, 13, at 9 ay batayan sa konseptong maaring gamitin ng mga mag-aaral ang mga *AI tools* sa kapaki-pakinabang na gawain. Ang *AI* bilang suporta sa pagkatuto ng mga mag-aaral sa asignaturang Filipino ay hindi mapasusubalian, kaya’t nararapat lamang maglatag ng mga tamang gabay sa paggamit ng mga ito. Sa makabagong panahon na ang edukasyon ay patuloy na nahaharap sa hamon ng pagbabago, ang *AI* ang isa sa nakikita ng departamento upang mapataas ang antas ng pagkatuto ng mga mag-aaral. Ang datos na nailahad sa unahang talata ay kinumpirma ni Salip (2025) at sinabing pinakamahusay ang mga mag-aaral sa pagkilala ng mga salita habang mas nangangailangan sila ng tulong sa pag-unawa sa binabasa at kritikal na pag-iisip. Iminumungkahi na isama sa pagtuturo ang masmaraming aktibidad sa pagsusuri ng teksto upang mapaunlad ang kabuuang kasanayan sa pag-basa. Ipinapakita ng pagsusuri na may makabuluhang ugnayan sa pagitan ng paggamit ng AI sa pagtuturo at kasanayan sa pagbasa ng mga mag-aaral.

Ang Talahanayan 2 naman ay naglalarawan sa mga benepisyong tinatamasa ng mga mag-aaral sa baytang 8 sa paggamit nila ng mga AI tools. Hindi mapasusubalian na sa pamamaraang ito, ang mga mag-aaral ay natututong umunawa sa mga aralin sa Filipino. Dagdag pa rito, sa pamamagitan ng AI, ang mga respondenteng mag-aaral ay mabilis na nakagagawa ng mga proyekto nila sa Filipino. Isa pa, napapaunlad ang kanilang bokabularyo dahil sa AI lalo na kung walang ibang sanggunian. Ang mga benepisyong nabanggit sa unahan ay mga palatandaan na ang

mga mag-aaral ay nahihikayat gumamit ng AI sa kanilang pag-aaral sapagkat napapadali nito ang mga bagay na may kaugnayan sa kanilang pagkatuto lalo na sa asignaturang Filipino.

Talahanayan 2

Danas sa Benepisyo sa Paggamit ng AI

Tema	Deskripsiyon	Pahayag
Alamin ang mga Aralin	Ang mga respondente 282ap ag-aaral na ito ay nagwika na isa sa mga benepisyo ng AI ay nauukol 282ap ag-unawa sa mga aralin. Sa panahong may katanungan sila tungkol sa aralin sa Filipino, minamabuti nilang gamitin ang AI. Sa ganitong paraan, natututo sila at nauunawaan ang mga konseptong nakapaloob sa aralin.	“...natutulungan ako sa mga lesson na hindi ko alam” (K1) “...kapag po may bagong talakay maaaari mo itong itanong sa AI”. (K2)
Halaga at Paggawa ng mga Proyekto	Sa kaugnay na temang ito, ginagamit ng mga mag-aaral ang AI upang mabilis nilang magawa ang mga proyekto sa Filipino. Ang mga gabay at panuto mula sa AI ang dahilan kung bakit nabubuo nila ang mga proyektong kailangang isumite. Gayundin, nagkakaroon sila ng tiwala na tama at tumpak ang inihanda nilang proyekto dahil sa mga <i>input</i> mula sa AI.	“Ang mga benepisyo nito ay mabilis ko natutuhan ang aking mga proyekto”. (K10) “Nakakatulong ito (ang AI) sa pag-intindi ng mga pangungusap at nakakatulong din ito sa mga assignment and activity”. (K6)
Pagsagot sa mga Katanungan	Sa pamamagitan ng pagiging bihasa sa isang paksa, lalo pang nailalahad ang punto ng isang mag-aaral sa harap ng klase o sa isang grupo. Kaya naman ang kalahok 3, 8 at 13 ay nagsiwalat na isa sa mga benepisyo ng AI sa kanila ay ginagamit nila ang mga ito para masagutan ang katanungan ng guro sa Filipino.	“Natutulungan ako nito (ng AI) upang masagutan ko ang ibat ibang katanungan ni titser”. (K3) “Nakakatulong din ito sa akin minsan, upang bigyan ng sagot ang mga tinatanong ko” (K8)
Ang Kahulugan ng mga Salita	Lima (5) sa mga kalahok ang sumang-ayon na may benepisyo sa paggamit ng AI. Upang mas lalo nilang maunawaan ang kahulugan ng mga malalalim na salita sa Filipino, komokunsulta sila sa AI. Sa ganitong paraan, nauunawaan nila ang mga pangungusap o mga talata sa panahon ng talakayan.	“Ang benepisyong naidulot sa akin ng AI ay ang paghahanap ng mga kahulugan ng isang salita sa mga asignaturang may pinapagawa”. (K7)
Sangkap Upang Maunawaan	Anim (6) sa mga respondenteng mag-aaral ang nagsabing ang AI ay malaking tulong sa kanila. Ito ay dahil sa puntong, sa paggamit nila ng pamamaraang ito, naintindihan nila ang mga salitang ginamit ng kanilang guro sa aralin o sa gawain. Kaya naman naging matapat sila sa pag-amin na may pakinabang sa paggamit ng AI sa asignaturang Filipino.	“Nakatutulong ito (ang AI) na magbigay ng bokabularyo sa akin at matutunan po ang mga ba Ang kalahok 1 ay nagwika na, “Pag may mga words o salita na hindi ko maintindihan i-tatranslate ko ito gamit ang AI sa mas malinaw na salita para ma gets ko”. (K11)
Para sa Tamang Kasagutan	Ang kaugnay na temang ito hinggil sa tulong ng AI sa mga mag-aaral ay nagpakilala na ang mga mag-aaral ay may tiwala sa paggamit ng mga ito. Sa katunayan, nabanggit ng apat (4) na kalahok na dahil sa AI nadaragdagan ang kanilang kaalaman, na ngreresulta sa kanilang tamang kasagutan sa panahon ng talakayan. Ang pangyayaring ito ay nagpapalakas sa kanilang tiwala sa sarili na kaya nilang makilahok sa anumang gawain sa loob ng klase.	“...natutulungan akong sagutin at alamin ang mga malalim na salita sa Pilipino”. (K3) “Ang mga benepisyo ay, nalalaman ko kung tama yung sagot ko o hindi”. (K10) “...sa pagsagot sa mga takdang aralin”. (K13)
Pag-unawa sa mga Aralin	Isa sa mga tulong ng AI tools sa mga mag-aaral ay nauukol sa pag-unawa sa mga aralin. Partikular na sa asignaturang Filipino, ang mga respondente mula sa baytang 8 ay tahasang ngwika na natututuhan nila ang mga aralin sa pamamagitan ng paggamit ng AI. Sa katunayan, tatlo (3) sa kanila ay nagpatotoo sa bagay na ito.	“...mas napapadali nito ang pag-unawa sa mga aralin”. (K8) “Nakakatulong ito sa pag-intindi ng mga pangungusap at pag nagbigay ang isang guro ng isang pangungusap ay alam mo na ang ibig sabihin ng binigay ng iyong guro”. (K6)

Maraming mga pananaliksik ang nagpapatunay na may mga kapakinabangang dulot ang *AI* lalo na sa mga mag-aaral at sa larangan ng edukasyon, sa pangkalahatang perspektibo. Ang penomenolohikal na pag-aaral na ito ay solidong ebidensya hinggil sa mga danas ng mag-aaral sa paggamit ng *AI* upang patuloy na malinang ang kanilang kaalaman sa asignaturang Filipino. Ang mga salaysay ng mga kalahok sa pananaliksik na ito ay mga tunay na katibayan ng kanilang pagtitiwala sa kakayahan ng *AI*.

Alamin ang mga Aralin. Sa patuloy na pagsisikap na mapayabong ang kakayahan ng mga mag-aaral, ang mga guro ay gumagamit ng ibat-ibang estratehiya upang matulungan ang mga kabataang nahihirapan sa normal na takbo ng sistemang pang-edukasyon. Kaya naman, pati mag-aaral ay gumagawa ng mga hakbangin upang madali nilang matutunan ang mga gawaing itinakda sa paaralan. Naniniwala ang kalahok 1, 2, 11, 9, at 5 na ang *AI tools* ay tulong para malaman nila at matutuhan ang mga mahihirap na paksa sa asignaturang Filipino.

Kaya naman, sa panahon ng interbyu at *FGD*, ang kalahok 1 ay nagwika na "...natutulungan ako sa mga lesson na hindi ko alam., sa *AI* mas nakakaalam ako rito". Gayundin ang kalahok 2 ay nagsabi na "...kapag po may bagong talakay maaaari mo itong itanong sa *AI*". Karagdagan sa mga kasagutan ng mga respondente, ang kalahok 11 ay nagsabi na "...kung halimbawa may hindi rin maintindihan sa leksyon ng guro". Samantala, ang kalahok 9 ay naglahad na "Nakakatulong ang *AI* sa pagtranslate, tuwing may sinasabi ang guro na hindi ko alam". Gayundin, ang kalahok 5 ay matapat na ngsalita na "...mas maipapaliwanag pa po nito ang meaning".

Ang mga datos sa itaas ay salamin ng mga benepisyong dulot ng *AI* sa mga mag-aaral lalo na sa mga gawain sa asignaturang Filipino. Ang salaysay ng mga respondenteng mag aaral ay tiyak na maaaring pagkunan ng mga ebidensya, na ang *AI* ay isa sa mga pamamaraan upang matuto sila na umunawa sa sarili nilang estratehiya. Sa masusing paggabay ng guro, ang *AI tools* bilang makabagong paraan sa pag-aaral ay maaaring daan sa pagkamit ng dekalidad na edukasyon. Kaugnay ng mga datos na nabanggit, pinatutunayan ni Guerra (2023) na ang *AI* ay patuloy na umuunlad at nagbibigay ng pakinabang sa ibat-ibang larangan tulad ng edukasyon. Dito, ang mga mag-aaral ay nabibigyan ng pagkakataon na matuto sa sariling kaparaanan gamit ang *AI*. Mula sa mga gawain at mga babasahin, ang mga bata ay natututo sa kanilang sariling pang-unawa sa mga ideyang nababasa *online*. Gayundin, nakapagbibigay ang *AI* ng tuwirang fidbak sa mga mag-aaral hinggil sa kanilang kasagutan at nabibigyan sila ng pagkakataon na suriin at itama ang kanilang mga natutunan.

Halaga sa Paggawa ng mga Proyekto. Katanggap-tanggap ang konsepto na ang mga mag-aaral ay may motibasyon na matuto sa kanilang sariling pagsisikap at galaw. Ito ay nakaangkla sa layunin ng kagawaran ng edukasyon, na mahubog ang mga kabataang Pilipino bilang malaya at di-umaasang indibidwal para matuto. Ang kalahok 10 at 6 ay nagpatunay na sa paggamit nila ng *AI* ay may benepisyo silang natanggap. Nang tanungin ang kalahok 10 tungkol sa benepisyong nakuha niya sa paggamit ng *AI*, ang tugon niya ay "Ang mga benepisyo nito ay mabilis ko natutuhan ang aking mga proyekto". Samantala, ang kalahok 6 naman ay nagsabi na "Nakakatulong ito (ang *AI*) sa pag-intindi ng mga pangungusap at nakakatulong din ito sa mga *assignment and activity*".

Nabatid ng mananaliksik na isa sa mga kahalagahan ng *AI* ay ang pagtulon nito sa mga mag-aaral upang madali nilang maintindihan ang mga gawain sa Filipino tulad na lamang ng proyekto. Ang hakbang na ito ay sadyang mahalaga para makalikha ng tamang tasks ang mga mag-aaral. Sa pagkonsulta nila sa *AI* nabibigyan sila ng gabay para sa tamang paggawa at paglikha ng mga proyekto na kailangan nilang isumite sa tamang panahon. Ipinahayag ni Deflition (2025) na ginagamit ng mga mag-aaral ang *AI* sa pagsulat ng mga malikhaing lathalin at sanaysay. Gayundin, ang *AI* ang nagsisilbing gabay upang mas lalong mapaunlad ang kanilang kakayahan at maging ang lakas ng kalooban sa paggawa ng mga proyekto. Dahil sa *AI*, natututo rin ang mga mag-aaral na suriin ang balarila para maging klarado at may istilo ang kanilang mga sinulat. Dagdag pa rito, ang *AI* ay takbuhan din ng mga mag-aaral sa pagkalap ng mga sanggunian lalo na sa paggawa ng pananaliksik at kaugnay na mga gawain.

Pagsagot sa mga Katanungan. Isa sa mga kahusayan ng mga mag-aaral na dapat linangin ay ang pagsagot sa mga kritikal na katanungan ng may laman at katuturan. Ito ay batayan upang lalo pang maipaliwanag at matalakay ang konseptong nais ipabatid sa mga nakikinig o nanonood. Sa pamamagitan ng pagiging bihasa sa isang paksa,

lalo pang nailalahad ang punto ng isang mag-aaral sa harap ng klase o sa isang grupo. Kaya naman ang kalahok 3, 8 at 13 ay nagsiwalat na isa sa mga benepisyong ng AI sa kanila ay ginagamit nila ang mga ito para masagutan ang katanungan ng guro sa Filipino. Kaugnay ng pahayag sa itaas, sinabi ni kalahok 3 na “Natutulungan ako nito (ng AI) upang masagutan ko ang ibat ibang katanungan ni titser”. Gayundin, ipinahayag ni kalahok 8 na “Nakakatulong din ito sa akin minsan, upang bigyan ng sagot ang mga tinatanong ko”. Ang mga katagang ito ay katanungan ng positibing impak ng *AI tools* sa pagkatuto ng mga mag-aaral sa asignaturang Filipino. At sa huli sinambitla ni kalahok 13 na “...sa pagsagot ng *assignment* at iba pa”.

Ang *AI* bilang makabagong tulong sa pag-aaral ay kinikilala ng mga eksperto na may magandang maidudulot sa pagkatuto ng mga bata. Maraming benepisyong ang makukuha sa paggamit nito, kaya naman naging kilala sa mga kabataan ang paggamit ng mga ito. Sila ang nagpapatunay na napapadali at nagiging maayos ang anumang gawaing pampaaralan kung ginagamitan ng *AI*. Kaya nga, ang mga kalahok ay naging tapat sa kanilang mga pahayag na ginagamit nila ang mga ito upang sagutan ang mga katanungang inihanda ng mga guro. Sa pagsagot ng mga katanungan, hindi nagpapaiwan ang mga *AI tools*. Sa ilang segundo, agad magbibigay ito ng mga kasagutang angkop sa hinahanap ng mga mag-aaral. Hindi lamang kasangkapan ang mga *AI tools* kundi sila ay kaagapay sa pagsasaliksik at pagtugon sa mga suliranin. Ang mga katanungan ng mga mag-aaral ay hindi lamang nanghihikayat ng pagbabago kundi lumilinang pa ito sa kritikal nilang pang-unawa (El-Baz, 2025). Sa pagtatanong sa *AI*, lalong natututo ang mga mag-aaral na maging mapanuri sa mga datos o impormasyong inilalahad nito.

Ang Kahulugan ng mga Salita. Ang mga talakay sa asignaturang Filipino ay naglalayong magbigay kaalaman sa mga mag-aaral ng mga bagong konsepto at ideya upang maging bihasa sila sa mga susunod na pagsusuri. Kaugnay nito, nararapat lamang na maging matatas sila sa mga bagong salita o bokabularyo upang ganap na maunawaan ang isang teksto. Ang mga kalahok 7, 11, 12, at 4 ay nagpahayag na ginagamit nila ang *AI* lalo na sa mga gawaing puwedeng maiugnay sa pagbibigay ng kahulugan sa mga komplikadong termino. Kaugnay sa nabanggit sa itaas, ang kalahok 7 ay nagsaad na “Ang benepisyong naidulot sa akin ng *AI* ay ang paghahanap ng mga kahulugan ng isang salita sa mga asignaturang may pinapagawa”. Kasama nito, nagpahayag ang kalahok 11 na “Nakatutulungan ito (ng *AI*) na magbigay ng bokabularyo sa akin at matutunan po ang mga bagay na hindi ko alam”. Gayundin, ang kalahok 12 ay nagsabi na “...pag translate ng mga *words* na hindi alam”. Ganoon din, ang kalahok 4 ay bukas sa pagpapaliwanag na “Dagdag alam. Nalalaman ko kung ano ang mga ibig sabihin ng mga salitang malalalim at malaman ko rin kung ano ang mga ibig sabihin nito”.

Para maging dalubhasa ang mga mag-aaral sa paggamit ng wika, unang dapat bigyan ng pansin ang kanilang kakayahan na mapayaman ang bokabularyo. Nagiging mas madali ang pag-unawa nila sa aralin at talakay kung sa bawat pagdinig nila ng mga salita ay alam nila agad ang kahulugan ng bawat kataga. Sa pamamagitan ng *AI*, natutulungan ang mga mag-aaral na maintindihan ang mga pahayag ng guro at maintindihan ang bawat paksa ng walang pag aalinlangan o anumang pagkawala sa pokus. Sa paggamit ng mga simple at nauunawang mga salita, mas tumataas ang lebel ng pagkatuto ng mga mag-aaral sa kadahilanang naiintindihan nila ang mga konseptong nais ipabatid. Ayon kay Olson (2021), sa paggamit ng simpleng salita mas nakapagpapahayag ang mga mag-aaral ng kanilang saloobin at ideya at nagiging maalam sa pakikipagtalastasan. Kaya naman, sa paggamit nila ng *AI* upang isalin ang malalalim na salita, mas nagiging aktibo sila na nakikilahok sa talakayan at mga gawain sa paaralan. Sa kasalukuyan, ang Kagawaran ng Edukasyon ay nahaharap sa matinding hamon upang maiangat ang antas ng pagganap ng mga mag-aaral sa bawat asignatura. Hindi maikakaila na ang hamong ito ay nangangailangan ng masusing pag-aaral upang makabuo ng ganap na lunas para sa akademikong pag-unlad ng mga mag-aaral. Sa pinal na report ng Education Commission (EDCOM) 2, nangangailan ng sampung (10) taon upang maisaayos at mailapat ang mga makabuluhan at epektibong reporma sa edukasyon.

Sangkap Upang Maunawaan. Sa paghahangad ng mga tagapanguna sa larangan ng edukasyon na maibigay sa mga kabataan ang pinakamaganda at organisadong serbisyo, iba-ibang proyekto, programa, at mga gawain ang inilulunsad ng kagawaran. Isa sa mga makabagong programa na isinusulong ay ang paggamit ng *AI* sa pagtuturo. Ang mga mag-aaral ay batid ang kahalagahan sa paggamit nito, kaya naman ang mananaliksik ay natukoy ang mga kalahok na may positibong persepsyon sa pagtangkil ng mga *AI tools*. Ang kalahok 1, 3, 7, 12, 4, at 9 ay

nagpatunay na may benepisyong sa paggamit ng ganitong modernong pamamaraan. Bilang katunayan, binanggit ni kalahok 1 na, “Pag may mga *words* o salita na hindi ko maintindihan i-tatranslate ko ito gamit ang AI sa mas malinaw na salita para ma gets ko”. Gayundin, saad ni kalahok 3 na, “. . . natutulungan akong sagutin at alamin ang mga malalim na salita sa Filipino”. Samantala, inihayag ni kalahok 7 na, “Ang benepisyong dulot ng AI sa akin ay ang paghanap ng mga kasing kahulugan ng isang salita. Dagdag pa rito, sinabi ng kalahok 12 na. “. . . nalalaman ko yung mga salitang hindi ko alam”. Isa pa, ang kalahok 4 ay bukas sa pagsabi na “Mabuting dulot sapagkat nalalaman ko ang mga salitang malalalim sa paggamit ng pagtutumbas nito, para maintindihan ko ang mga salitang hindi ko alam”. Panghuli, winika ni kalahok 9 na, “Ang benepisyong ng AI ay sa pagbibigay ng impormasyon”.

Tunay na ang mga respondenteng mag-aaral ay bukas sa pagtugon ng makabagong panahon upang bigyang halaga ang mga pamamaraang makatutulong sa kanila. Sa paggamit ng AI, ang mga mag-aaral ay nagiging malaya upang makita ang mga konsepto at pagpapahalagang hindi pangkaraniwan at hindi sila pamilyar. Ang AI ang nagbukas ng kanilang isipan sa reyalidad pati na rin sa mga kababalaghan na minsan di kayang arukin ng sankatauhan. Sa paggamit ng mga AI tools, nagagawa ng mga mag-aaral na unawain ang mga ideyang nakapaloob sa mga pahayag ng guro. Ang pagkakaroon ng malawak na bokabularyo ay susi sa pang-unawa at pakikilahok sa proseso ng komunikasyon. Napatunayan sa pananaliksik nina Glynes et al., (2025) na ang antas ng kaalaman sa pag-unawa ng mga mag-aaral sa pagbibigay kahulugan ng mga bokabularyo bago basahin ang akdang pampanitikan ay nasa antas na lubhang kasiya-siya. Nangangahulugan ito na may mas mataas na pag-unawa ang mga mag-aaral na bigyang kahulugan ang mga salita ayon sa kanilang pag-unawa. Kaya naman, ang tulong ng AI sa pagsasalin sa simpleng salita ay makaambag ng malaki sa pagkatuto ng mga mag-aaral sa asignaturang Filipino.

Para sa Tamang Kasagutan. Ang mga mag-aaral sa asignaturang Filipino ay hinuhubog upang maging matalino at matatas sa pagsagot sa mga katanungan. Ngunit sa kabilang banda na limitado ang mga mapagkukunan nila ng datos at impormasyon, ang mga AI tools ay malaking tulong sapagkat sa isang *click* pwede na nilang *i-type* ang mga katanungang pag-uusapan sa klase sa kinabukasan. Dahil rito, malakas ang loob ng kalahok 10, 13, 5, at 2 upang isalaysay ang benepisyong nakukuha nila mula sa paggamit ng mga AI tools. Ang mga direktang pahayag ng mga kalahok ay nagsasalamin sa mga benepisyong dulot ng AI sa pagkatuto ng mga mag-aaral. Halimbawa, ang kalahok 10 ay nagwika na, “Ang mga benepisyong ay, nalalaman ko kung tama yung sagot ko o hindi. Gayundin, binanggit ng kalahok 13 na, “. . . sa pagsagot sa mga takdang aralin” at ng kalahok 5 na, “. . . mas nadaragdagan ang aking nalalaman tungkol sa paksa. Samantala, ang kalahok 2 ay nagpahayag na “Ito po ay nakadaragdagan ng kaalaman”.

Batay sa mga pahayag, ang AI ay tulay sa pagkatuto ng mga mag-aaral. Dahil dito, naihahanda nila ang kanilang mga sarili para sa mga hamong dala ng bagong aralin. Malawak ang kayang abutin ng AI kaya ang kanilang mga katanungan ay madaling sagutan sa pamamagitan nito. Ang pagiging handa sa klase ay nagbubunsod sa kanila para sa interaktibong talakayan at pagiging bukas ang isipan sa pagtanggap ng panibagong mga kaalaman. Sa pagkakaroon ng pang-unang kaalaman sa paksa mas lalo napapaunlad ng mag-aaral ang kanyang kakayahan sa komunikasyon pati na rin ang kritikal na pang-unawa sa mga aralin. Sinang-ayunan si Cruz (2023) sa mga datos na nakalap ng mananaliksik. Ayon sa kanya, sa larangan ng edukasyon, malaking tulong ang AI sa mga mag-aaral dahil maaari nitong padaliin ang pangangalap ng datos na dati ay kalat-kalat at hindi organisado. Sa mga guro, may kapakinabangan din sa paggawa ng mahuhusay na biswal na nagiging mas epektibo sa pagtuturo. Idagdag pa ang pag-angkop sa pamamaraan ng pagtuturo sa panahong hindi posible ang face-to-face.

Pag-Unawa sa mga Aralin. Isa sa mga hamon na kinakaharap ng mga mag-aaral ay ang nauukol sa pag-unawa sa mga aralin. Maraming salik ang nakaapekto kung bakit may mga mag-aaral na nahihirapang umintindi ng mga paksa at gumawa ng mga gawaing may kaugnayan rito. Kaya naman, ang kalahok 8, 6, at 11 ay nagpatunay na sa pamamagitan ng mga AI tools, ang mga mag-aaral ay matutulungang umunawa sa mga aralin na tinatalakay ng mga guro. Ang isa sa mga benepisyong ng AI sa mga mag-aaral ay nakakatulong ito upang maunawaan nila ang mga aralin. Ayon sa kalahok 8, “. . . mas napapadali nito ang pag-unawa sa mga aralin”. Samantala, ang kalahok 6 ay nagsabi na. “Nakakatulong ito sa pag-intindi ng mga pangungusap at pag nagbigay ang isang guro ng isang pangungusap ay alam mo na ang ibig sabihin ng binigay ng iyong guro”. Gayundin, ang kalahok 11 ay dumagdag

na, “Mas napapabilis pa ang aking nalalaman sa Filipino”.

Mahihinuha mula sa mga pahayag sa itaas na may benepisyo sa paggamit ng mga AI tools. Saksi ang mga mag aaral ng baitang 8 kung paano nila ito gamitin upang maunawaan ang mga aralin. Ang mga ito ay pamamaraang sumusuporta sa kanila upang mapataas pa ang lebel ng kanilang pang-unawa sa mga paksa. Mula sa kanilang mga pahayag ay masasalamang ang katotohanang may positibong impak ang AI sa kanilang pag-aaral. Ang pagsusuring ito ay naaayon sa pahayag nina West & Allen (2018) na ang AI ay popular na kasangkapan na kadalasang iniuugnay sa pagkalap ng impormasyon, pagsuri ng mga datos, at pag-unlad ng paggawa ng desisyon. Ang AI ay isang pagbabago na nakaaapekto sa lahat higit na sa larangan ng pamuumuhay. Sa puntong ito, ang AI ay salik upang mas lalong matuto ang mga mag-aaral mula sa mga impormasyong hatid nito. Kaya naman, isang hangarin ang magkaroon ng komprehensibong pananaw para maipaliwanag sa mga lider kung paano nababago ng AI ang makabagong mundo at mapagtuunan ng pansin ang lipunan, ekonomiya, at pamamahala.

Talahanayan 3

Danas sa Hamong Dulot ng AI

Tema	Deskripsiyon	Pahayag
Hindi Tumpak na Kasagutan	Sampu (10) sa mga respondenteng mag-aaral ang ngsabi na mali o hindi tumpak ang sagot mula sa AI. Ang kanilang danas sa bagay na ito ay nagpapatunay na may limitasyon ang mga AI tools. Kaya nga, kailangan ng masusing pag-iimbestiga bago paniwalaan ang mga kaalaman o konseptong ibinabahagi ng AI sa mga mag-aaral.	“Mali yung binibigay ng AI na sagot” (K10) “Minsan mali ang sagot ng AI at karamihan sa mga bata ay asa na lang sa AI”. (K1)
Palaasa sa AI	Dahil sa easy access ng mga mag-aaral sa AI, natutukso silang umasa na lamang sa kung ano ang kayang ibigay nito. Kaya naman, ang pagpapaunlad ng kanilang kritikal at analitikal na kakayahan ay napapasapanganib. Upang maiwasan ang masamang dulot nito, nangangailangan ng tulong at gabay ang mga kabataan sa tamang paggamit nito	“Ito po ay maganda ngunit ito rin po ay maaaring maka adik or parang di mo na kaya gumawa ng sa sarili dahil puro AI na lang”. (K2) “Ang mga hamon o suliranin, ang naidudulot nito ay puro asa na lang sa AI kasi mas nakakawalang ideya”. (K5)

Ang bawat pagbabago ay may kaakibat na hamon. Normal ang ganitong pangyayari sapagkat nabibigyan ng pagkakataon na maisaayos ang mga pamamaraan upang maging akma sa pagkatuto ng mga mag-aaral. Sa seksyong ito, iisa isahin ang datos na nakalap ng mananaliksik hinggil sa hamong hinarap ng mga mag-aaral sa paggamit nila ng AI tools sa asignaturang Filipino. Ang mga datos na ito ay magsisilbing gabay sa pagbuo ng output sa pag-aaral na ito.

Hindi Tumpak na Kasagutan. Isa sa mga hamong hinarap ng mga mag-aaral sa baitang 8 ay ang di tama o kaya di tumpak na kasagutang binibigay ng mga AI tools. Kaya naman, nagresesulta ito ng maling kasagutan ng mga mag-aaral, dahilan upang sila ay magkaroon ng pag-aalinlangan sa paggamit ng mga ito. Ang kalahok 1, 10, 3, 8, 12, 6, 7, 13, at 9 ay naging totoo sa pagpapahayag nang kanilang danas hinggil sa bagay na ito. Kaya naman, nabanggit ng kalahok 1 na, “Minsan mali ang sagot ng AI at karamihan sa mga bata ay asa na lang sa AI”. Gayundin, sinabi ni kalahok 10 na “Mali yung binibigay ng AI na sagot”. Isa pa, ang kalahok 3 ay nagpatunay na, “Minsan wala naman, pero madalas ay maling impormasyon ang binibigay niya”. Dagdag pa rito, nagwika ang kalahok 8 na, “Minsan may mga sagot na hindi tugma sa tanong at malayo sa *topic* kaya kapag nagpapacheck ako mababa ang score”. Nagpahayag din ang kalahok 12 na, “...nawawalan ng alam dahil inaasa na lang sa *AI*. Nakakakuha ng mga maling impormasyon o maling sagot kasi wala sa tamang teksto ang sagot ng *AI*”.

Bilang karagdagan, ang kalahok 6 ay malayang sumagot na, “Ang mga hamon po ay pag nagsabi ka sa *AI* ng isang pangungusap hindi nito napupunto ang tunay na ibig sabihin”. Gayundin, nagpahayag ang kalahok 7 na, “Ang hamon ng *AI* saakin kung papaano ko maitama ang kanilang mga maling impormasyon na binibigay nila saakin”. Nagsalita din ang kalahok 13 na, “...minsang hindi tamang sagot ang binibigay nila”. At sa panghuli, ang

kalahok 9 ay nagpahayag na, “Kapag nagsearch ako minsan wala naman sa *google/meta-AI* ang mga sagot kasi hindi naman lahat masasagot ng *google* at *meta-AI*. Halos pitumpong porsyento (70%) o siyam (9) mula sa (13) labintatlong respondenteng mag-aaral ang nagpahayag na may mali o hindi tumpak ang sagot ng AI. Sa puntong ito, ang mga mag-aaral ay nanganganib na makapagtipon ng mga datos na walang basehan o di katanggap tanggap. Sa kabilang banda, ang pagkakamali ng AI ay maaring magbunsod sa mga mag-aaral na maging mapanuri at huwag lamang iasa rito ang kanilang kaalaman at *output*. Ang ganitong sistema ay kailangang mabigyan ng pansin upang maiwasan ang mga konseptong lihis, mali at walang katotohanan.

Sa puntong ito, ipinaliwanag ni Miller (2024) na kahit ang AI ay nagbibigay ng benepisyo sa mga gumagamit nito, 56% ng mga organisasyon ay nababaha sa mga hamong dala ng paggamit nito. Napagtanto mula sa ulat ng McKinsey (2024) na may panganib sa paggamit nito sapagkat nagbibigay ito ng mga nakalilitong sagot at hindi tumpak na mga kasagutan. Gayundin, ang ulat ng Deloitte noong 2024 ay nagpatunay din ng nakababahalang resulta na ang AI ay nagbibigay ng maling sagot. Kaya naman, nangangailangan na mapagkakatiwalaan ang mga AI na ginagamit para matiyak ang tamang datos at impormasyon. Alinmang bagay o pamamaraan na may halaga at kung gagamitin ng wasto ay magbubunga ng kapakinabangan sa isang indibidwal. Ang mga AI tools ay nilikha upang magdulot ng benepisyo ngunit, kailangang maging responsible ang mga gumagamit nito. Sa puntong ito, ang mga kalahok 1, 13, at 8 ay nagbahagi ng kanilang saloobin at payo ukol sa tamang paggamit ng AI ng mga mag-aaral.

Ang tatlong kalahok na nabanggit sa itaas na talata ay tuwirang nagbigay ng payo sa kapwa nila mag-aaral. Sabi ng kalahok 1. “Huwag gumamit ng AI kung hindi naman gaanong importante, for example kung kaya mo naman sagutan wag mo na i-AI”. Ito ay sinundan ng wika ng kalahok 13 na “Wag madalas gamitin na mga aralin dahil kapag palagi itong ginagamit ay lahat ng takdang aralin mo ay iaasa na lang sa AI at pag tinanong sila ng guro wala silang maisasagot dahil hindi naman sila ang gumawa ng mga takdang aralin”. Gayundin, ang kalahok 8 ay malayang sumagot na, “Gamitin ang AI bilang gabay lamang sa pag-aaral at hindi bilang kapalit ng sariling pagsisikap”. Ang mga payong ibinigay ng tatlong kalahok ukol sa paggamit ng mga AI tools ay makatutulong sa mga mag-aaral upang maging mabisa ang paggamit ng mga ito. Ang sobrang pagdedepende sa AI ay makasisira ng motibasyon sa pag-aaral at sa pagharap sa ibat-ibang uri ng gawain sa pagkatuto. Kaya naman, dapat lamang matandaan na ang AI ay gabay at hindi dapat itiwala ang lahat dito.

Kaya naman, sa artikulong sinulat ni Mitchell (2025) sinabi niyang upang malaman na lehitimo ang impormasyong binibigay ng AI kailangan itong suriin ng mabuti. Unang dapat gawin ay pansinin kung may hindi pagkakasundo o pagkakatugma sa mga datos. Gayundin, dapat sinusuri kung may salungatan sa mga ideyang ipinapahayag. Isa pa rito, dapat i-tsek nang maigi ang mga pinagkunang websayt kung ito ba ay mapagkakatiwalaan o hindi. Maaaring sangguniin ang mga *database search* tulad ng *Google Scholar* at iba pang *fact-checking tools* tulad ng *Snopes*, *FactCheck.org*, or *PolitiFact*. Sa ganitong pamamaraan, matitiyak na ang mga impormasyong ginagamit ng mga mag-aaral ay tumpak, tama, at may basehan.

Palaasa sa AI. Hindi maiiwasan na sa kasalukuyan ang mga kabataan ay nagiging depende sa gadyet upang maging libangan, gamit sa komunikasyon, sanggunian ng impormasyon at marami pang iba. Ang pagiging palaasa ng kabataan sa mga makabagong kagamitan at pamaaraan ay maaaring maging dahilan ng mas matinding suliranin sa kanilang buhay. Sa larangan ng AI, nabanggit ng kalahok 2, 5, at 11 na isa sa hamon sa paggamit ng AI ay ang pagiging depende ng mga mag-aaral dito. Upang maging tiyak, ang kalahok 2 ay nagsabi na, “Ito po ay maganda ngunit ito rin po ay maaaring maka adik or parang di mo na kaya gumawa ng sa sarili dahil puro AI na lang”. Gayundin, ang kalahok 5 ay tuwirang nagpahayag na, “Ang mga hamon o suliranin, ang naidudulot nito ay puro asa na lang sa AI kasi mas nakakawalang idea...”. Panghuli, saad ng kalahok 11 na, “Napapabayaang ang pag-aaral at inasa na lang ang mga *assignments* sa AI”.

Ang mga katagang binanggit ng tatlong kalahok ay katibayan na may masamang dulot ang AI kung kaya, ito ay dapat na mabigyan ng tamang lunas. Ang pagiging palaasa ng mga mag-aaral sa AI ay lalong magdidiin sa kanila upang di-matuto at lalong mapabayaang ang pag-aaral. Kaya naman ang mananaliksik sa penominolohikal

na pag-aaral na ito ay nagpakita ng determinasyon upang magabayan Sa paggamit ng mga AI tools, nagagawa ng mga mag-aaral na unawain ang mga ideyang nakapaloob sa mga pahayag ng guro. Ang pagkakaroon ng malawak na bokabularyo ay susi sa pang-unawa at pakikilahok sa proseso ng komunikasyon. Napatunayan sa pananaliksik nina Glynes et al., (2025) na ang antas ng kaalaman sa pag-unawa ng mga mag-aaral sa pagbibigay kahulugan ng mga bokabularyo bago basahin ang akdang pampanitikan ay nasa antas na lubhang kasiya-siya. Nangangahulugan ito na may mas mataas na pag-unawa ang mga mag-aaral na bigyang kahulugan ang mga salita ayon sa kanilang pag-unawa. Kaya naman, ang tulong ng AI sa pagsasalain sa simpleng salita ay makaaambag ng malaki sa pagkatuto ng mga mag-aaral sa asignaturang Filipino.

Malaya at bukas ang isipan ng kalahok 10 tungkol sa bagay na ito at winika niyang’ “Ang mapapayo ko lang ay ok lang po gumamit ng AI pero hindi lahatin yung sagot at mag-aral din po ng maayos hindi po dapat iasa lahat sa AI kasi kung kaya mo naman sagutan, sagutan mo na huwag nang mag-search sa AI para may matutunan naman”. Gayundin, ang kalahok 3 ay nagsabi na, “Huwag iasa lahat sa AI, kung kaya naman sagutin, i-process ang mga katanungan o gawain na binigay ng guro”. Samantala, ang kalahok 2 ay nagpahayag ng pagsang-ayon at nagpahayag na “Ok lang gumamit ng AI wag lang po yung sobra na halos di mo na kayang gumawa ng sa sarili mo dahil po ay kapag tinanong ka po di mo na kayang sagutin dahil puro na lang AI”. Dagdag pa rito, ang tugon ng kalahok 5 ay, “Ang aking maipapayo ay hindi puro asa na lang sa AI, mas nakakawala ito sa ating pag iisip”.

Ilan pa sa mga kasagutan ng mga kalahok sa penomenolohikal na pag-aaral na ito ay binanggit ng kalahok 6 sa pagsasabi na “Ang maipapayo ko lang ay hindi palaging umasa sa AI dahil nakakaapekto ito sa iyong pag aaral”. Ito ay sinang-ayunan ng kalahok 7 at sinabing, “Ang maipapayo ko sa kanila ay huwag iaasa lahat sa AI dahil hindi lahat na inilalabas ng AI ay tama, ang iba naman ay mali”. Gayundin, ang kalahok 11 ay nagwika na “Kontrolin ang paggamit nito dahil karamihan sa mga gawain ay hindi naman kinakailangang gamitan ng AI”. Dagdag pa rito ay ang tugon ng kalahok 12 na, “Ang paggamit po ng AI ay hindi po dapat lahat dito iasa. Maaaring kumuha lang dito ng mga impormasyon”.

Samantala, ang kalahok 4 ay nagpahayag na, “Huwag umasa sa AI at wag masyadong gumamit nito kasi hindi sa lahat ng oras ay nandiyan ang AI upang tumulong sa atin, matutong sumagot ng hindi umaasa sa AI matutong mag isa kapag sumasagot sa mga assignment”. At saka, ang kalahok 9 ay sinambitla na, “Sasabihin kong hindi lahat puro google at meta-AI kasi kung alam mo naman ang sagot siyempre sarili ang sasagot hindi puro ipaasa sa AI kasi hindi lahat masasagot nito”. Ang mga tuwirang pahayag ng sampung (10) kalahok hinggil sa sub-theme sa taas ay nagsasalamin sa danas ng mga mag-aaral at ang kanilang mga saloobin sa paggamit nito. Kapaki-pakinabang ang mga payo upang maiwasan ang malalang epekto nito sa pag-aaral lalo na sa asignaturang Filipino. Sa tamang paggamit ng AI, matitiyak ng bawat mag-aaral na maiingatan ang kanilang motibasyon sa pag-aaral at sa pagharap sa mga hamon na may kaugnayan sa paggamit ng ibat-ibang AI tools. Kung susuriin, kailangang matuto ng mga mag-aaral sa tama at responsableng paggamit ang AI. Ibinahagi ni (Stafford, 2025). Ang chatbots or AI assistance ay mga karaniwang uri ng AI at pinakasimpleng gamitin, Sa pamamagitan nito, ang mga mag-aaral ay maaaring makabuo ng mga teksto, imahe, o koda o kaya naman ay makalikom ng mga sagot sa katanungan. Ang ilan sa mabisang *AI tools* ay *OpenAI’s ChatGPT*, *Google’s Gemini*, *Microsoft’s Copilot*, *Anthropic’s Claude*, *Mistral AI*, at *Meta’s Llama*.

Pedagohikal na Implikasyon ng Paggamit ng AI sa Asignaturang Filipino - Ang paksang ito ay isa sa mga mahahalagang konseptong nais na pag-aralan ng mananaliksik kaugnay sa danas ng mga mag-aaral sa paggamit ng AI sa asignaturang Filipino. Ngunit ang mga datos sa parteng ito ay mula sa mga pahayag ng tatlong guro sa Filipino na gumagamit din ng iba’t-ibang uri ng AI sa pagtuturo. Ang Talahanayan 4 ay nagpapakita ng mga pangunahin at kaugnay na temang nabuo mula sa mga pahayag ng tatlong guro sa pag-aaral na ito. Nakapokus ang mga datos sa pedagohikal na implikasyon ng danas ng paggamit kuyng saan binibigyang-tuon ang benepisyo at hmon sa paggamit ng *AI*. Makikita sa talahanayan ang mga datos na nakuha mula sa isinagawang pakikipanayam sa tatlong guro ng mga mag-aaral sa baiting 8 na gumagamit ng mga generative AI sa kanilang pag-aaral. Dalawang pangunahing tema ang nabuo mula sa salaysay ng mga kalahok sa pedagohikal na implikasyon nito. Ito ay nahahalit ayon sa dalawang pangkalahatang pangkat, ang benepisyo at hamong dulot. Sa

benepisyong dulot ay nakapaloob ang; pagsasalin sa wikang Filipino; akma at epektibong mga gawain at ideya; tulong sa pag-unawa ng mga paksa; para sa interaktibong paksa; pagtitipid sa oras; at pagpapayaman sa mga halimbawa. Samantalang, sa bahaging hamon naman ay nakapaloob ang, sobrang pagdepende sa AI, krisis sa kritikal at analitikal na pang-unawa.

Talahanayan 4

Pegdaghohikal na Implikasyon ng Danas sa Paggamit, Benepisyo at Hamon sa Paggamit ng AI

Danas sa Paggamit	Deskripsiyon	Pahayag
Benepisyo Pagsasalin sa Wikang Filipino	Ang mga respondenteng-guro sa pag-aaral an ito ay ay nagpahayag na kumukunsulta sila sa AI para maisalin sa mas simpleng salita ang malalalim na salita sa Filipino. Ginagawa nila ito para mas madaling maintindihan ng mga mag-aaral ang kanilang sinasabi o tinatalakay.	“... <i>hindi naman ako major in Filipino may mga salita na nahihirapan ako subalit ginagawa ko ang aking makakaya upang ito ay maipaliwanag sa kanila (mga mag-aaral)</i> ”. (K1)
Akma at Epektibong mga Gawain at Ideya	Sa pamamagitan ng AI nakakakuha ang mga guro ng mga angkop at interaktibong mga halimbawa ng konseptong tinatalakay. Lalo na’t sa panahon ngayon na inirekomenda ang student-centered classroom, ang mga guro ay nabibigyan ng pagkakataon na pumili ng mga gawaing magpapa-unlad sa kognitibong kakayahan ng mga bata.	“... <i>kapag humihingi ng suhestyon patungkol sa mga ideya na pwedeng gawing gawain</i> ”. (K2)
Tulong sa Pag-unawa ng Paksa	Mahalagang maisiguro ng mga guro na naisasakatuparan ng mga mag-aaral ang mga kaalaman, saykomotor, at apektiv na saklaw ng kanilang pagkatuto sa Filipino. Kaya naman patuloy silang nagpupursigi upang matutunan ng mga bata ang mga aralin na tinatalakay sa araw-araw.	“ <i>Usually sa lesson content, mas madali ang pag-consolidate halimbawa kung ma-search ka through google chrome</i> ”. (K3)
Para sa Interaktibong Paksa	Ang pagiging malikhain ng isang guro ay gumaganyak sa mga mag-aaral na patuloy na magsikhay ng kaalaman. Hindi maipagkakaila na ang guro ay may malaking impluwensya sa pagkatuto ng mga bata lalo na signaturang Filipino. Sa paghahanda ng guro ng mga interaktibong gawain, ang mga estudyante ay natututong makilahok sa proseso ng pagkatuto.	“ <i>Base sa mga suhestyon na binigay ni AI, pipilion mo kung ano ang magagandang aktibidad ang pwede mong maibigay sa mga bata. Nagiging interaktib ‘yong flow of discussion</i> ”. (K1)
Pagtitipid sa Oras	Bawat minuto ay mahalaga lalo na sa mga gurong maraming pinagkakaabalahan. Kaya naman sa tulong ng AI madaling natatapos ng mga guro ang mga gawain sa loob ng klase lalo na ang nauukol sa mga aralin.	“ <i>In terms of pagtuturo ang convenience kasi, it saves us a lot of time talaga, kasi mabilis</i> ”. (K3)
Pagyamanin ang mga Halimbawa	Ang kalahok 2 ay naging tapat sa pagpapahayag na ginagamit niya ang AI para kumuha ng karagdagang halimbawa sa mga aralin. Lalo na sa pagkakataong kulang ang mga reperensya tulad ng aklat, kinukunsulta niya ang AI. Sa ganitong paraan, napapadali niya ang gawain sa bawat aralin	“... <i>nakakadagdag mga examples...Kung hindi clear ang instruction ng teacher nagse-search sila sa AI</i> ”. (K2)
Hamon Sobrang Pagdepende sa AI	Dahil sa madaling gamitin ang AI, ang mga mag-aaral ay naging sobrang dependent sa paggamit nito. Kahit simpleng mga gawain sa klase, proyekto, o takdang-aralin ay hindi na nila ginagawang mag-isa. Sa halip, halos lahat ay inaasa na lang nila sa mga AI tools.	“ <i>Kung sobra ang pagdedepende sa AI, pano kung walang AI? Pano nila masasagutan ang mga gawain ng may kalidad na base sa kanilang pagkakaunawa</i> ”. (K1)
Krisis sa Kritikal at Analitikal na Pang-unawa	Isa rin sa masamang epekto ng AI sa pagkatuto ng mag-aaral sa asignaturang Filipino ay ang paghina ng kritikal at analitikal nilang kakayahan. Wala nang panahong mag-isip o maging produktibo sapagkat lagi na lang ipinaubaya ang lahat ng mga gawain sa AI.	“ <i>Maliban sa nagiging reliant ang mga bata sa AI, naapektuhan ang kanilang analytical and critical thinking process, di na nila sinusuri ang information</i> ”. (K2)

Ang mga *generative AI tools* na kadalasang ginagamit ng mga mag-aaral ay ginagamit din ng mga guro sa

Filipino. Ang layunin ng huli ay upang mas lalong mapabuti at mapaunlad ang pagtuturo ng asignaturang lalo na sa pagbuo at paggawa ng mga kagamitang pampagtuturo. Ang mga pahayag ng mga kalahok ay nagpapatunay lamang ng posibilidad sa pag-abot ng master isa kasanayan sa pagkatuto.

Mga Gawain sa Filipino na Ginagamitan ng AI ng mga Guro. Mulat ang kamalayan ng kaguruan na sa panahon ng pag-usbong ng agham at siyensya, kaalinsabay nito ay ang paglago ng teknolohiya. Hindi lamang sa pagbabagong panlipunan, ang paggamit ng mga AI tools ay halos sumasakop sa lahat ng larangan ng kahusayan kabilang na ang edukasyon. Upang makasabay sa pag-unlad na ito, ang mga guro ay inaaral ang mga positibo at negatibong impak nito lalo na sa mga mag-aaral. Ito ay upang maingat ang kanilang isipan, aksyon, at gawain sa pagharap nila sa totoong takbo ng lipunan.

Pagsalin sa Wikang Filipino. Ang mga pahayag ng mga respondenteng guro tungkol sa mga gawain sa Filipino na ginagamitan nila ng AI ay naitala ng mananaliksik. Sa panahon ng interbyu, ang kalahok 1 and 2 ay nagpahayag na ginagamit nila ang AI para sa pagsalin ng malalalim na salita, upang maging simple at maintindihan ng mga mag-aaral. Ayon sa kalahok 1 “Gumagamit ako ng AI sa pag-*translate* ng mga malalalim na salita, kasi hindi naman ako *major in Filipino* may mga salita na nahihirapan ako subalit ginagawa ko ang aking makakaya upang ito ay maipaliwanag sa kanila (mga mag-aaral). Gayundin, ang kalahok 2 ay nagwika na “Ang mga *terminology* sa Filipino na malalalim ay ginagamitan ko po ng AI at kung kulang sa mga examples ay nagse-*search* din po ako sa rito”.

Base sa mga pahayag, ginagamit ng mga guro ang AI para maging magaan sa kanila ang pagtuturo. Ang pagkunsulta sa mga AI tools ay kapaki-pakinabang para sa kanila lalo na’t hindi naman lahat ng nagtuturo sa asignaturang Filipino ay medyor sa Filipino. Sa kasong ito, nagiging sanggunian ng mga guro ang AI lalo na sa mga gawaing may kaugnayan sa pagsasalin ng mas simpleng salita na gagamitin sa oras ng talakayan. Kung sapat ang tulong o suportang natatanggap ng mga guro, mas lalo silang magpupursige na matulungan ang mga mag-aaral na maging ganap sa pagkatuto. Ayon sa pag-aaral na isinagawa nila Famor et al., (2024) pinatutunayan nila na maraming magagandang serbisyong dulot ang AI sa mga guro. Ang paggamit ng AI bilang kagamitang pantulong sa pagkatuto ay epektibo sa ilang aspeto. Gayundin, pinatutunayan ni Malcolm (2023) na kailangang gamitin ng mga guro ang simple at nauunawaang salita upang maintindihan ng mga mag-aaral ang konseptong tinatalakay. Sa ganitong pamamaraan, natatanim sa isipan ng mga bata ang konsepto at nagagamit rin nila ito sa talakayan. Kaya naman, dahil sa AI natutulungan nito hindi lamang ang mga guro, pati na rin ang mga mag-aaral na nakikilahok sa usapan.

Akma at Epektibong mga Gawain at Ideya. Ang kaugnay na temang ito ay naglalarawan sa mga partikular na gawain sa Filipino na ginagamitan ng guro ng AI. Bago humarap sa klase ang mga guro, nararapat lamang silang maghanda ng mga gawaing pangpagtuturo upang mapukaw ang atensyon ng mga mag-aaral at maitawid ng mahusay ang mga konseptong nais ipabatid. Sa puntong ito, ang kalahok 1 at 2 ay ngpahayag na kailangan nila ang AI para sa mga husto at mabisang mga ideya at gawain sa pagkatuto. Nabanggit ng kalahok na ginagamit niya ang AI para sa “...mga suhestiyon kung ano ang magagandang *activity* na pwede kong ipagawa sa kanila o sa pamamagitan ng AI madali kang makahingi ng mga seleksyon, mga kwento ns pwede mong ipagawa sa mga bata. Ito ay sinang ayunan ng kalahok 2 at sinabing ginagamit nya ang AI “...kapag humihingi ng suhestyon patungkol sa mga ideya na pwedeng gawing gawain”. Ang mga katagang ito ay salamin sa katotohanang sa makabagong mukha ng edukasyon ang AI ay malaking tulong sa mga kaguruan.

Ang mga guro ay may malaking ambag upang mapataas ang lebel ng pagkatuto ng mga mag-aaral, Ang paghahanda ng mga gawain para sa araw-araw na talakayan, ay nangangailangan ng masusing pagpili upang maibatay sa mga salik upang maging matagumpay maabot ang kadalubhasaan. Sa pamamagitan ng AI nagiging madali para sa mga guro ang pagpili ng mga gawaing ilalaki sa panahon ng pagtuturo. Sa panahon ng interbyu, ang kalahok 1 ay umaamin na nakatanggap din siya ng mga awtput ng mga mag-aaral na ginamitan ng AI. Saad nya, “...halimbawa sa mga sinusubmit nila mga *projects, design and lay out* gumagamit sila ng AI ngunit yung *content* nun, yung kabuuan, ang mga estudyante pa rin ang gumagawa”. Ang resultang ito ay pinagtibay ni Chan

(2024) at sinabing mahalagang pagtuunan ng pansin ang kahalagahan ng mga kagamitang pampagtuturo. Ito ay isa sa mga salik upang maabot ng mga estudyante ang tagumpay sa pag-aaral at maging sa personal na buhay sa hinaharap. Ang pagbibigay ng akma at sapat na gawain sa mga bata ay maghuhubog sa kanila upang maging produktibo at progresibo sa kanilang buhay. Sa tulong ng AI, lalong nabibigyang suporta ang mga guro upang maabot ang pinakamataas na lebel ng pagkatuto ng mga mag-aaral.

Tulong sa Pag-unawa ng Paksa. Naging matapat ang kalahok 3 tungkol sa kanyang danas sa paggamit ng AI lalo na sa mga gawaing ginagamitan niya nito. Ipinahayag niya na kinukunsulta nya ang mga AI tools upang mas lalong maintindihan ang paksang tatalakayin. Ang pagdulog sa AI bilang sanggunian ay itinuturing niyang pakinabang lalo na sa panahon ngayon na Malaki ang pasanin ng mga guro upang matuto ang mga mag-aaral. Nang tanungin ang kalahok sa paksang ito, ang saad niya ay;

Usually sa lesson content, mas madali ang pag-consolidate halimbawa kung ma-search ka through google chrome. Iisa-isahin mo pa ang links na binibigay ni chrome samantala kung magchatgpt ako o gemini consolidated na yung information, summarize na andyan na iintindihin mo na lang tapos pipiliin mo na lang aling information and include Kahit anong lesson basta wala ako makuwa na references let's say MATATAG sa lesson exemplar medyo kulang kulang pag i-unpack mo minsan kulang at di malinaw.

Kung uusisain, ang naging pahayag ng kalahok 2 ay nangangahulugang mas napapadali ang trabaho ng guro kung gagamit siya ng AI sa ibang mga gawain. Tulad na lamang ng pagsangguni ng mga kakailanganing konsepto sa pagtuturo, ang AI ay nagbibigay ng mas komprehensibo at organisadong mga datos. Gayundin, ang paggawa ng banghay-aralin o dili kaya ay paggamit ng lesson exemplars ay mas kawili-wili kung gagamit ka ng AI. Ito ay hindi mapapasubalian sapagkat ang mga makabagong pamamaraan ng pagtuturo gamit ang AI ay isa sa mga yamang hatid ng teknolohiya at siyensya. Ang kahalagahan ng AI sa pagtuturo ay ipinaliwanag ni Benito, (2023) sa kanyang aklat kung saan, binibigyang diin niya na kailangang ang mga guro ay dalubhasa sa araling tinatalakay. Ayon sa kanyang pag-aaral, ang pangunahing kahinaan ng mga guro sa pagtuturo ay ang kakulangan sa kasanayan at katatasan sa paggamit at pagsasalita ng wikang Filipino. Ang katanungan sa pagsusulit ay nakasulat sa Filipino subalit sa pagtuturo ay gumagamit ng unang wika o Mother Tongue ang guro. Ito ang maaaring dahilan kung bakit mababa ang resulta ng Pambansang Pagsusulit o *National Achievement Test (NAT)* sa kanilang rehiyon.

Gawaing may Bakas ng AI. Ang AI bilang isang makabagong sanggunian ng kaalaman ay hindi lamang popular sa mga estudyante kundi pati na rin sa mga guro. Sa malimit na pagkakataon, huling ginagamit ang mga AI tools upang mapalawak ang kanilang kaalaman tungkol sa paksang tatalakayin, Sa AI, humihingi rin sila ng mga suhestyon upang ang bawat kumplikadong gawain ay maging simple at kapaki-pakinabang lalo na sa mga kliyente.

Para sa Interaktibong Paksa. Sinisiguro ng bawat guro na sa pagharap niya sa klase, ang mga bata ay matututo mula sa mga pamamaraan at estratehiyang gagamitin niya. Ito ay nakasaad sa banghay-aralin na kaniyang ginawa na naglalaman din ng mga konkretong gawain sa partikular na aralin. Ang kalahok 1 ay nagwika na ang mga AI tools ay kaniyang sinasanggunian upang makabuo ng interaktibong aralin. Dahil dito, bihasa siya kung paano i-navigate ang AI upang mahanap ang pinakaangkop na datos para sa aktibong ugnayan ng mga mag-aaral sa loob ng klase. Sa panahon ng interbyu, ipinihayag ng kalahok 1 na;

“Base sa mga suhestyon na binigay ni AI, pipiliin mo kung ano ang magagandang aktibidad ang pwede mong maibigay sa mga bata. Nagiging interaktib ‘yong flow of discussion (pagkatuto ng mga mag aaral). Maipapaliwanag ko sa kanila yong mga terminologies na hindi pamilyar sa akin, Sa pamamagitan nito, mas matututo sila sa lebel ng kanilang pagkakaunawa.”

Mula sa direktang pahayag sa itaas ay mababakas na malaking tulong ang AI sa mga guro upang maabot ng mga estudyante ang mataas na lebel ng pagkatuto. Sa pamamagitan ng interaktibong aralin at gawain, mas nahuhubog ng mga bata ang kanilang kritikal at analitikal na kakayahan. Sa ganitong paraan, napapaunlad rin nila

ang kakayahang gumawa ng nag-iisa at bumuo ng desisyon na di-umaasa sa iba. Dagdag pa rito, ang mga mag-aaral ay nakapagpapaliwanag ng mga ideya ng mas madali at malinaw base sa kanilang karanasan at *punto de vista*. Kaya nga, kung gagamitin ng guro ang AI sa pagtuklas ng mga makabago at mabisang pamamaraan sa pagtuturo, ang unang makikinabang ay ang mga mag-aaral na handang tumanggap ng hamon sa bawat aralin sa asignaturang Filipino.

Gayundin, ang kalahok 2 ay nagpatunay na nakatanggap na siya ng mga gawaing ipinasa ng mga mag aaral sa kaniya na may bakas ng AI. Sambit niya,

Noong may sinagutan sila na mga guided questions base sa pinanood nila na movie clip na "Unlock", na kung saan may kinalaman sa na pag-aralan namin sa aralin na Internet Threats. Napansin ko ito'y gawang AI dahil kung ikukumpara mo yung gawa ng isang estudyante sa mga nauna niyang output ay malayo ito sa na isumite niya dito.

Upang matiyak ng kalahok 2 na hindi kinopya ng mga mag-aaral ang iprinesenta ng AI binaggit niya na

Dahil ginawa nila yung awtput sa paraan ng kanyang pagkakaintindi, halimbawa, pagpapaliwanag ng kanyang sagot gamit ang mga salitang madalas niyang gamitin o batay sa lalim nito (the way they explain the answer based on their capabilities).

Sinasang-ayunan ni Dune (2024) na ang interaktibong aralin ay kinakailangan sa modernong sistema ng edukasyon. Ang pamamaraang ito ay nag-uudyok para mapaunlad ang kritikal na pang -unawa ng mga mag-aaral, pakikilahok sa oras ng talakayan, at pakikiisa sa mga gawaing may kaugnayan sa pagpapataas ng lebel ng pagkatuto. Sa tulong ng AI, nakakakuha ng ideya ang mga guro para sa *mascompetency-based* na mga gawain at mga angkop na ebalwasyon para sa mga mag-aaral. Ang mga halimbawa ng interaktibong mga estratehiya ay role-playing, debate at mga problem solving activities na nagpapayaman sa kritikal na pang-unawa at paggawa ng epektibong desisyon ng mga mag-aaral. Bilang karagdagan, ang mga AI tools ay patuloy na namamayagpag bilang solusyon sa mga hamong dulot ng sistemang pang-edukasyon. Ang mga ito ay nagsisilbing daan upang maging interaktibo at maging kaaya-aya ang mga danas ng mag-aaral sa klase. Gayundin, ang pagkonsulta sa AI ay nagbibigay gabay sa mga guro upang makabuo ng mga tumpak at sapat na mga gawaing magbibigay inspirasyon at motibasyon sa mga mag-aaral upang matuto. Sa ganitong sitwasyon, ang pag-abot sa mataas na lebel ng pagkatuto ay nagiging possible at ang tagumpay sa pag-aaral ay positibong maaabot (Holcomb, 2024).

Pagtitipid sa Oras. Ang pagiging guro ay isa sa mga pinakamapanghamon ngunit nakalulugod na propesyon sapagkat tungkulin ng mga ito na matiyak ang kinabukasan ng mga kabataan. Sa murang edad, pinapanday nila ang puso at isipan ng mga ito upang sa pagdating ng panahon maging produktibo silang mamamayan. Dahil dito, sinisiguro ng mga guro na magamit ang bawat minuto ng kanilang pagtuturo sa makabuluhang mga gawain. Sa ganitong pamamaraan, ang bawat mag-aaral ay may sapat na panahon upang tuklasin at ipamalas ang kanyang mga talento. Dahil sa paggamit ng AI, nakatitipid sa oras ang mga guro lalo na sa paghahanda ng kanilang aralin. Sa bawat *click* ng guro sa AI, agad-agad na lumilitaw ang mga kinakailangang konsepto, gawain, o kaya nama'y mga pagsusulit na maaaring gamitin. Sa ganitong paraan nagagamit nila ang oras ng mabisa at nakababawas ng pag-aaksaya ng panahon kumpara sa mga gawaing kailangan nila ng mahabang oras na paghahanda. Sa panayam kay kalahok 3 binanggit niya na;

In terms of pagtuturo ang convenience kasi, it saves us a lot of time talaga, kasi mabilis. Di tulad sa google, ako mismo iisa isahin ko pa ang binibigay kung tama ba ito o mali. Samantalang kung icha-chatGpt ko, consolidated na sya at iba-iba pa na information. Buo na siya, nakasummarize na kaya yun ang pinakamagandang naidulot ng AI sa akin lalo na, tanggapin na natin marami talaga ang trabaho ng mga guro.

Ang salaysay ng kalahok 3 ay nagpapatunay na dahil sa AI nagagamit at napapaikli ng guro ang oras niya sa paghahanda ng aralin. Sa tulong ng AI, nakakakuha ang mga guro ng tiyak at konkretong mga ideya at suhestyon

na magagamit niya sa loob ng klase. Ang ganitong benepisyo ay sadyang kawili-wili sapagkat magiging magaan ang trabaho lalo na kung may sanggunian ang guro para maging kumpleto at organisado ang presentasyon at talakayan. Kung nagagawa ng guro ang mga gawaing nakaatang sa kaniya natitiyak na may malaking positibong impak ito sa kasanayan ng mga bata. Ang pagkakaroon ng sapat na oras sa ugnayan ng guro at mag-aaral ay magdadala sa tagumpay ng kanilang pag-aaral.

Ang pag-aaral na ginawa ni Gumapac et al., (2025) ay sumasang-ayon sa resultang ito. Para sa kanila, ang modernong teknolohiya pati na rin ang paggamit ng tradisyonal na sanggunian ay importante upang makatulong sa pagsulong ng pag-unawa ng mga mag-aaral. Nagbigay din sila ng mungkahi na ang mga mag-aaral at guro ay maglaan ng oras para palawakin ang bokabularyo sa Filipino gamit ang mga kagamitan at estratehiyang makatutulong sa mag-aaral. Gayundin, ipinaliwanag ni Lukik (2023) ang tamang paggamit ng guro sa kaniyang oras ay katumbas ng epektibong paggawa ng kanyang mga responsibilidad. Sa pamamagitan nito, nagagawa niyang maging produktibo, gawing akma sa pagtuturo at pag-aaral ang kapaligiran, at mapataas ang lebel ng pagkatuto ng mga bata. Ang tamang pangangasiwa ng oras ay magbubunsod sa balanseng koneksyon ng trabaho at ng personal na buhay na kung saan naiiwasan ang mga negatibong resulta tulad ng istres o sobrang pagkapagod.

Pagyamanin ang mga Halimbawa. Sa dedaktiv na pamamaraan ng pagpresenta ng konsepto, ang mga guro ay nagsisimula sa pagtalakay ng konsepto hanggang sa pagbibigay ng halimbawang kaugnay nito. Sa ganitong pamamaraan, mula sa malaking ideya patungo sa pinakamaliit na detalye, mas lalong nabibigyan ng pokus ang pag-unawa sa konsepto. Mula sa kumplikadong paksa hanggang sa pinakapayapak na halimbawa, higit pang naiuugnay ng mag-aaral ang relasyon ng bawat salita at pangungusap sa paksa. Ito ay isa sa mga bagay na dapat bigyan ng pansin ng mga guro sa kanilang pagtuturo; ang pagpili ng mga tiyak na gawain at halimbawa para bigyang daan ang kumprehinsibong pag-intindi sa ideya. Ang kalahok 2 ay nagpahayag ng kaugnay na halimbawa sa oras ng panayam na isinagawa ng mananaliksik sa pag-aaral na ito. Ayon sa kaniya, “nakakadagdag mga examples...Kung hindi *clear* ang *instruction* ng *teacher* nagse-*search* sila sa *AI*”. Ang katagang ito ay naglalahad na sa pamamagitan ng *AI* natutulungan nito na maghanda ng aralin ang guro lalo na sa paghanap ng mga gawaing magsisilbing halimbawa.

Kung uunawaing mabuti, may malaking ambag ang *AI* sa pagganap ng guro ng kaniyang mga obligasyon sa pagtuturo, Ang paghanap at pagpili ng mga halimbawa na gagamitin sa aralin ay nagiging madali, organisado, at nauugnay sa paksa. Dahil sa *AI*, ang guro ay nagkakalakas loob sapagkat ang mga ideya ay malawak kaya maraming pagpipilian. Sa puntong ito, higit na nauunawaan ng mag-aaral ang pinakalayunin ng pagtuturo at mas nagiging bukas ang kanyang isipan sa pagtanggap ng ibat-ibang pananaw at ideya. Bilang karagdagan, binanggit ng kalahok 3 na gumagamit, lalo na ang mga mag-aaral sa matataas na baitang dahil mas magaling na silang gumamit at mag prompt, pati na rin ang mga nasa ika-pitong baiting. Saad niya,

*“kadalasan sa mga output na kailangan nilang gumawa ng mga pangungusap o talata-- gaya ng mga sanaysay. Nasasabi ko dahil alam ko din naman ang kakayahan ng aking mga mag-aaral madami sa kanila ang hirap gumawa ng mga pangungusap at walang maayos na kohesyon or irrelevant sa paksa ang mga nasusulat. Kaya alam ko kung *AI* ang gumawa dahil hindi ito naayon sa kanilang kakayahan naparati kong napapatunayan sa kanilang mga gawa sa paaralan written or verbal man. Mahahalata pa rin sa kanilang pagsulat kung aling parte ang kinuha sa *AI* at alin ang galing lang sa kanila dahil biglang nawawala ang kohesyon pati ang maayos na gamit ng gramatika na parang ibang tao ang gumawa.”*

Ayon kay Walter (2024), binago ng *AI* ang karanasang pang edukasyon mula sa mga tradisyonal na pamamaraan ng pagtuturo hanggang sa personalisadong karanasan sa pag-aaral. Pinapahusay ng *AI* ang mga proseso ng edukasyon, nagpapaunlad ng mga mahahalagang kasanayan tulad ng computational at kritikal na pag-iisip, na mahigpit na kaugnay sa machine learning at educational robotics. Bukod dito, ipinakita ng *AI* ang malaking potensyal sa pagbibigay ng mga napapanahong interbensiyon para sa mga batang may espesyal na pangangailangan, nagpapayaman sa kanilang mga karanasan sa pag-aaral at pang-araw-araw na buhay.

Masamang Epekto ng AI sa Pagkatuto. Sa pag-aaral na ito, balanseng ilalahad ng mananaliksik ang positibo at negatibong impak ng AI upang masuri ang pedagogikal na implikasyon nito sa pagkatuto ng mga mag-aaral. Sa pag-iisa-isa ng mga masamang epekto nito sa mag-aaral. na siyang pinakatampok sa proseso ng edukasyon, nabibigyan ng pagkakataon ang mga taong sangkot na pag-aralan at bigyan ng solusyon ang mga ito para sa ikabubuti ng mga kliyente, ang mga mag-aaral.

Sobrang Pagdepende sa AI. Isa sa mga kaugnay na tema hinggil sa masamang epekto ng AI sa pagkatuto ng mga bata ay ang sobra nilang pagdepende rito. Ang totoong kaganapan sa paggamit ng AI ng mga mag-aaral ay umaabot sa halos lahat ng kanilang mga gawain sa Filipino ay inaasa na lang sa AI. Wala na silang sariling kusa o wala nang pagpupursige na gumawa ng gawain sa sarili niyang pagsisikap. Nakabatay na lamang sila kung ano ang sagot ng AI o kung ano ang kaya nitong ibigay. Sa panayam ng mananalaksik sa mga kalahok, lumabas na ang kalahok 1 ay may parehas na pahayag tungkol dito. Ang sabi niya ay:

Unang una yong sobrang reliance nila sa paggamit nila ng AI o pagdepende kasi sabi nga nila karamihan ng salita sa Filipino ay di sila pamilyar kaya doon sila nagkokonsulta para madali nilang maintindihan ang mga salita. Kung sobra ang pagdedepende sa AI, pano kung walang AI? Pano nila masasagutan ang mga gawain ng may kalidad na base sa kanilang pagkakaunawa. Merong mga estudyanteng makakagawa eh pano ung mga estudyanteng nagrereyly sa AI possible di nila matapos yung kanilang ginagawa.

Ang problemang inilalahad sa itaas na talata ay nagpapatunay na totoong ang mga mag-aaral ay sobra nang nakadepende sa AI. Sa ganitong paraan, nawawala ang kalidad ng pagkaunawa at lalong mahihirapan ang mga mag-aaral na mgdesisyun ng para sa kanilang sarili. Kung magpapatuloy ang ganitong kalakaran, hindi maaabot ng mga mag-aaral ang mataas na lebel ng pagkatuto, kahit sabihin pa na ginagawa ng guro ang kanilang gampanin. Ang pangyayaring ito ay makadaragdag sa mga salik na nakakasira sa pag-aaral at magrereresulta sa pagbagsak ng lebel ng pagkatuto ng mga mag-aaral.

Ang ganitong pangyayari ay maaaari pa ring masolusyunan sa simple ngunit mga epektibong paraan. Inilahad ng kalahok 1 ang mga ito tulad ng;

Siguro, limitahan sa pamamagitan ng konsulta lang hindi kailangang lahat ng sagot kukunin mo sa AI. Siguro kung hindi naman kailangan ng internet para maiwasan ang paggamit ng AI, pwede sigurong since my piso-wifi dito sa atin, wag na munang i-on para di makagamit ng internet ang mga bata kasi karamihan ng mga estudyante ay gumagamit ng AI at isang picture mo lang yan may sagot na. Kung walang internet walang AI. Ipatatupad ko ang panukalang collect your cellphone or no cellphone policy sa oras ng aking lesson para walang makakagamit ng AI.

Malalaman mo naman kung galing sa AI kasi alam mo naman ang kapasidad ng estudyante, tatawagin mo ang estudyante at tanungin kung bakit di sya sumunod sa instruction ko, masasabihan mo siya, kung umulit ulit ipatawag ang parents at pakiusapan na wag nang hayaang magdala ng cellphone ang anak niya sa paaralan.

Ang sobrang pagdepende ng mga kabataan sa paggamit ng AI ay inilalahad sa pag-aaral na ginawa ni Vieriu and Petrea (2025). Natuklasan na ito ay isa sa mga hamong kinakaharap sa ngayon kahit pa sabihing may malaking benepisyong makukuha sa AI. Kaya nga, inrerekomenda nila ang balanseng paglapit ay mahalaga upang matiyak ang pantay, epektibo, at responsable na mga karanasan sa pag-aaral sa mga kapaligirang pang-edukasyon na pinahusay ng AI.

Sa kabilang dako, isinulat ni Sison (2025) na kamakailan, inanunsyo ni Education Secretary Sonny Angara na isasama na sa bagong curriculum ang pagsasanay sa paggamit ng AI. Layon nitong ihanda ang mga guro at mag-aaral sa digital age at mas mapakinabangan ang teknolohiya sa tamang paraan. Sinabi ng Kalihim ng Edukasyon, Angara na sa lalong madaling panahon, babaguhin na rin ang curriculum para matutong gumamit ng AI ang mga

bata, gayundin ang mga guro. Ito raw ang pagbabagong inaasahan sa darating na mga taon.

Krisis sa Kritikal at Analitikal na Pang-unawa. Sa pag-unlad ng agham at teknolohiya, kasamang naipakilala sa merkado ang mga AI tools na nakaapekto sa halos lahat ng larangan sa lipunan. Maging ito ay sistemang pangkalusugan, pangnegosyo, pangkomunikasyon, pang-agrikultura, at iba pa, ang AI ay sadyang kilala at ginagamit ng mga indibidwal o grupo sa ibat-ibang kadahilanan. Kahit pa sabihing maraming magagandang tulong ang AI sa panahon ngayon, hindi maiiwasan na ito ay nagdudulot ng kasiraan partikular na sa larangan ng edukasyon. Kaugnay ng naunang pahayag, ang kalahok 2 at 3 sa penomenolohikal na pag-aaral na ito ay nagbunyag ng hamong dala ng AI sa mga mag-aaral. Ayon sa kanila, ang kagamitang ito ay dumaragdag sa krisis na nararanasan ng sistemang pang-edukasyon, ang pagbagsak ng kritikal at analitikal na kakayahan ng mga estudyante. Nabanggit ng kalahok 2 na, “Nawawala na ang *critical thinking* kasi nakaasa na sa AI, tinatamad na mag isip, ayaw nang iproseso ang itinuturo ng titser, kaya nagiging *stagnant* na sila”. Gayundin, ang kalahok 3 ay nagwika na;

Maliban sa nagiging reliant ang mga bata sa AI, naapektuhan ang kanilang analytical and critical thinking process, di na nila sinusuri ang information. Dahil convenient sa kanila ang AI, nagiging tamad sila kaya di ko talaga sila ine-encourage na gumamit nito. Dapat kasi may limit na sa kanila yun, hindi dapat manggaling sa atin. Hanggang paalala lang magagawa natin at guidance.

Ang mga pahayag ng kalahok ay sumasalamin sa bigat ng hamon na dala ng AI sa mga mag-aaral. Ang kritikal at analitikal na kakayahan ng mga bata ay mahalagang mahubog sa kanila sapagkat ito ang dahilan kung bakit nasusuri nila ng tama ang mga datos at nakabubuo ng desisyon basi sa mga ebidensyang nakalap. Dagdag pa rito, kung nalinang ang mga kakayahang ito, makapag-iisip sila ng malikhain ang makikipag-usap ng epektibo. Ngunit dahil sa malalang sitwasyon ng pagiging palaasa ng estudyante sa mga AI tools, bumabagsak ang analitikal at kritikal na pang-unawa, dahilan upang lalong bumagsak ang lebel ng pagkatuto.

Gayunpaman, nagbigay rin ang mga kalahok ng mga suhestiyon kung paano maiiwasan ang di magandang dulot ng AI sa pagkatuto ng mga bata sa asignaturang Filipino. Kaya nga, nasabi ng kalahok 2 na;

Tanggalin ang AI, huwag pagagamitin ng cellphone habang nagtuturo kasi malaking distraksyon yun sa kanila. Kung ang sagot nila ay AI generated, i-call out ni teacher para ma-remind sila na huwag laging umasa sa AI. Magtalaga ng mga alituntunin bago magsimula ang klase, kagaya ng pagkuha ng mga gadyet. Pagsabihan sila na huwag masyado reliant sa paggamit san AI since hindi natin sila makontrol na maging aware sa danger ng pagiging masyadong dependent sa AI.

Ang isyung ito ay tinalakay sa artikulong sinulat ni Alocelja (2025) at pinagdiinan na maaaring maging kapaki-pakinabang ang AI sa ilang aspeto. May mga eksperto na nagsasabi na maaari rin itong maging mapanira tulad ng isang baha sa proseso ng pagkatuto. Halimbawa, kapag ginagamit lamang bilang isang *short-cut* upang hindi na kailanganing mag-isip nang masinsinan. Ang ilang AI chatbot ay kayang gumawa ng mga papel o sagutan ang mga tanong na tila nag-aaral sa halip na ang estudyante. Sa ganitong paraan, mawawala ang kakayahan ng isang mag-aaral na talagang maintindihan, at upang mas mapalalim ang kaalaman sa mga konsepto na tinuturo. Maaaring makalusot ang isang estudyante sa isang takdang-aralin, ngunit hindi niya lubos na nauunawaan kung paano siya umabot sa kongklusyon.

Dagdag pa rito, isa sa mga hamon sa paggamit ng Artificial Intelligence (AI) ay kinabibilangan ng dumidepende at umaasa na lamang sa paggamit ng AI at nakaapekto sa kakayahang magbasa at umunawa (Famor, Candido, & Siat, 2024). Bilang tugon sa hamong ito, maaari magpanukala ng mga polisiya sa paggamit ng artipisyal na katalinuhan, maaari ring gamitin ang AI sa mas malawakang pagkatuto ng mag-aaral sa isang partikular na paksa, maaari ring ipagbawal ang paggamit ng cellphone sa loob ng silid-aralan upang maiwasan ang paggamit ng AI. Kung sa ating layunin ay maaari tayong makagamit ng AI, maiging magamit at maipakilala ang kahalagahan ng artipisyal na katalinuhan upang mapagyabong ang kaalaman at pagkatuto ng mga mag-aaral.

AI bilang Gabay sa Responsable at Makabuluhang Pagkatuto ng mga Mag-aaral - Ang Artificial Intelligence (AI) ay naging mahalagang bahagi ng pagkatuto ng mga mag-aaral sa Asignaturang Filipino, lalo na sa pagsagot ng takdang-aralin, pag-unawa ng mahihirap na aralin, pagsasalin ng malalalim na salita, at paggawa ng proyekto. Gayunpaman, natuklasan sa pag-aaral na bagama't may malaking naitutulong ang AI, marami ring mag-aaral ang gumagamit nito nang walang malinaw na gabay at limitasyon, na nagdudulot ng maling impormasyon, labis na pagdepende, at pagbaba ng kritikal at analitikal na pag-iisip. Dahil dito, nabuo ang output na handbook na may pamagat na “AI AT AKO: Gabay sa Responsableng Paggamit ng Artificial Intelligence” para sa mga mag-aaral, bilang tugon sa pangangailangang maglatag ng isang payak at kongkretong gabay na magtuturo sa mga mag-aaral ng tamang proseso, wastong paggamit, at etikal na pananagutan sa paggamit ng AI. Sa kabuoan, ang output ay nagsisilbing pedagohikal na interbensiyon na naglalayong hubugin ang mga mag-aaral bilang responsable, mapanuri, at may kamalayang gumagamit ng AI na nakatuon sa tunay at makabuluhang pagkatuto sa asignaturang Filipino.

Sa patuloy na pag-integrate ng makabagong teknolohiya sa edukasyon, naging mahalagang usapin ang papel ng AI sa pagkatuto ng mga mag-aaral. Bilang tugon sa mga benepisyo at hamong dulot nito, inilahad sa output na ito ang isang sistematikong gabay na naglalayong hubugin ang wasto, etikal, at responsableng paggamit ng AI sa asignaturang Filipino ng mga mag-aaral sa Junior High School. Nahahati ang *handbook* na ito sa tatlong bahagi. Sa unang bahagi makikita ang; Pahina ng pamagat, Pasasalamat, Pangako at Layunin: Pangako ng Mag-aaral, Panimulang Salita, at Talaan ng Nilalaman. Mula naman sa gitnang bahagi, ang Pangunahing Nilalaman ay ang; Bahagi 1: Ano ang Artificial Intelligence (AI), Bahagi 2: Mga AI Tools na Ginagamit sa Pag-aaral, Bahagi 3: Tamang Paggamit ng AI sa Filipino, Bahagi 4: Tamang Prompting sa AI, Bahagi 5: Mga Benepisyo ng AI sa Pag-aaral, Bahagi 6: Mga Panganib at Hamon ng AI, Bahagi 7: Mga Alituntunin sa Paggamit ng AI, Bahagi 8: Gabay para sa mga Guro at Bahagi 9: Mga Madalas na Tanong (FAQ). Para naman sa huli o pangwakas na bahagi ay ang; Mensahe sa mga Mag-aaral at Talasanggunian.

Ipinapakita na ang *Artificial Intelligence* ay may mahalagang papel sa pagpapadali at pagpapalalim ng pagkatuto ng mga mag-aaral sa asignaturang Filipino, subalit nangangailangan ito ng malinaw na gabay upang maiwasan ang mga negatibong epekto sa kanilang pag-iisip at akademikong pag-unlad. Sa pamamagitan ng sistematikong nilalaman ng output na nabibigyan ng direksiyon ang mga mag-aaral at guro tungo sa wasto, etikal, at makabuluhang paggamit ng AI. Sa gayon, ang AI ay nananatiling kasangkapan sa pagkatuto at hindi kapalit ng kritikal na pag-iisip at sariling pagsisikap ng mga mag-aaral. Ang handbook na ito ay isang makabuluhang gabay na binuo ng mananaliksik. Ang pangunahing layunin ay tulungan ang mga mag-aaral na maunawaan ang Artificial Intelligence — hindi lamang bilang isang teknolohikal na paksa, kundi bilang isang kasangkapan na direktang nakaaapekto sa kanilang pag-aaral, lalo na sa Asignaturang Filipino. Sa panahon ngayon kung saan ang AI ay kilala na sa bawat sulok ng digital na mundo ng kabataan, napakahalaga ang magkaroon ng tamang kaalaman, etika, at disiplina sa paggamit nito. Ipinapakita nito ang tatlong mahahalagang bahagi:

Unang Bahagi ng Handbook

- *Pahina ng Pamagat.* Ipinapakita ang pamagat ng handbook, paksa ng pag-aaral, at ang may-akda. Nagsisilbi itong pagkakakilanlan ng buong output.
- *Pasasalamat.* Naglalaman ng taos-pusong pasasalamat ng mananaliksik sa mga institusyon, guro, mag-aaral, pamilya, at sa Diyos na tumulong sa pagbuo ng handbook.
- *Pangako at Layunin.* Ipinapaliwanag ang dahilan kung bakit mahalaga ang pangako at kung paano ito magsisilbing gabay sa tamang asal ng mag-aaral sa paggamit ng AI.
- *Pangako ng Mag-aaral.* Isang panata na nilalagdaan ng mag-aaral bilang simbolo ng kanilang paninindigan na gagamitin ang AI nang tapat, responsable, at para sa tunay na pagkatuto.
- *Panimulang Salita.* Nagbibigay ng pangkalahatang ideya tungkol sa AI, ang presensya nito sa pang-

araw-araw na buhay ng mag-aaral, at ang layunin ng handbook bilang gabay sa responsableng paggamit nito.

- *Talaan ng Nilalaman.* Listahan ng lahat ng bahagi at paksa ng handbook upang madaling makita at balikan ang mga aralin.

Gitnang Bahagi: Pangunahing Nilalaman

- *Bahagi 1: Ano ang Artificial Intelligence (AI)?* Ipinapaliwanag kung ano ang AI, paano ito gumagana, at kung bakit ito mahalagang maunawaan ng mga mag-aaral.
- *Bahagi 2: Mga AI Tools na Ginagamit sa Pag-aaral.* Ipinakilala ang mga karaniwang AI tools (hal. ChatGPT, Google AI, Gemini, Meta AI) at kung paano ito ginagamit ng mga mag-aaral sa asignaturang Filipino.
- *Bahagi 3: Tamang Paggamit ng AI sa Filipino.* Naglalaman ng mga **DO's at DON'Ts** sa paggamit ng AI upang maiwasan ang pagdaraya at mapanatili ang integridad ng pagkatuto.
- *Bahagi 4: Tamang Prompting sa AI.* Tinuturo kung paano magtanong nang malinaw at epektibo sa AI upang makakuha ng makabuluhan at angkop na sagot, kasama ang mga halimbawa ng tama at maling prompt.
- *Bahagi 5: Mga Benepisyo ng AI sa Pag-aaral.* Ipinapakita ang mga positibong epekto ng AI tulad ng mas mabilis na pag-unawa, mas mayamang bokabularyo, at tulong sa mga proyekto.
- *Bahagi 6: Mga Panganib at Hamon ng AI.* Tinalakay ang mga posibleng negatibong epekto gaya ng pagiging palaasa, pagbaba ng kritikal na pag-iisip, maling impormasyon, at plagiarism.
- *Bahagi 7: Mga Alituntunin sa Paggamit ng AI.* Naglalaman ng sampung tuntunin para sa responsableng paggamit ng AI ng mga mag-aaral sa loob at labas ng silid-aralan.
- *Bahagi 8: Gabay para sa mga Guro.* Nagbibigay ng mga rekomendasyon at patakaran upang matulungan ang mga guro sa paggabay sa tamang paggamit ng AI sa klase.
- *Bahagi 9: Mga Madalas na Tanong (FAQ).* Mga karaniwang tanong at malinaw na sagot tungkol sa AI upang mawala ang kalituhan ng mga mag-aaral at guro.

Pangwakas o Huling Bahagi

- *Mensahe sa mga Mag-aaral.* Isang inspirasyonal na mensahe na hinihikayat ang mga mag-aaral na gamitin ang AI nang may layunin, pag-iisip, at pananagutan.
- *Talasanggunian.* Listahan ng mga aklat, artikulo, at dokumentong sanggunian na pinagmulan ng mga impormasyon sa handbook, na nagpapatunay sa kredibilidad ng pag-aaral.

Ang pagkakabuo ng awtput na ito ay umaayon sa pag-aaral nina Kasneci et al. (2023) na nagsasaad na ang AI ay magiging kapaki-pakinabang lamang sa edukasyon kung ito ay gagamitin nang may etikal na pananagutan, malinaw na layunin, at aktibong paggabay ng guro. Samakatuwid, ang output ay nagsisilbing mahalagang pedagogikal na interbensiyon upang matiyak na ang AI ay mananatiling kasangkapan sa pagkatuto at hindi kapalit ng pag-iisip, lalo na sa konteksto ng asignaturang Filipino.

4. Kongklusyon at rekomendasyon

Ang penomenolohikal na pag-aaral na ito ay naglalayong mailahad ng mananaliksik ang danas ng mga mag-aaral sa paggamit nila ng AI sa asignaturang Filipino at ang pedagogikal na implikasyon ng paggamit ng AI sa

pagkatuto ng mga mag-aaral. Ang mga temang lumilitaw sa danas ng mag-aaral sa paggamit ng AI ay kinabibilangan ng mga AI na karaniwan nilang ginagamit tulad ng cici/dola, meta-AI, chatGPT, google AI, at tiktok tako. Gayundin, ginagamit ng mga mag-aaral ang AI sa mga partikular na gawain sa Filipino tulad ng pagsagot sa mga takdang-aralin, mga araling mahirap maintindihan, at pagsalin ng malalim na maging simple. Sa mga benepisyong dulot ng AI tools sa pag-aaral, ginagamit ang mga ito sa mga araling hindi nila alam, upang mapabilis ang pagbuo ng mga proyekto, at makuha ang mga kahulugan ng salita. Karagdagan rito, ang mga hamong kinaharap ng mga mag-aaral sa paggamit ng mga AI tools ay hindi tumpak o mali ang sagot na ibinibigay ng AI at nagiging palaasa ang mga ito sa AI.

Sa pedagohikal na implikasyon ng AI sa pagkatutuo ng mga mag-aaral, ang mga temang lumabas kaugnay sa partikular na gamit ng guro sa AI ay, ang pagsalin ng malalim na salita sa mas simple, suhestyon sa mga angkop at lapat na mga gawain at ideya, at sa pagtuturo ng aralin. Sa benepisyo naman, ang AI ay nakatutulong upang makabuo ng interaktibong aralin, napapaikli sa oras, at pagbibigay ng mga dagdag na halimbawa ng aralin. Samantala, ayon sa mga guro, ang mga hamong kinaharap ng mga mag-aaral sa paggamit ng AI tools ay sobrang pagdepende sa mga ito at nagiging hadlang ang AI sap ag-unlad ng kritikal at analitikal na kakayahan ng mga mag-aaral. Ang panghuli, inirerekomenda nilang limitahan ang paggamit ng AI at magtalaga ng mga tuntunin ang mga guro ukol dito.

Inirerekomenda ng mananaliksik, batay sa mga datos na maaaring kontrolin o limitahan ang paggamit ng mga *AI tool* lalo na sa mga gawain at aralin sa Filipino. Isa pa, kailangang magtalaga ng mga alintuntunin ang guro o ang paaralan para maiwasan ang sobrang palaasa ng mga bata sa *AI*. Gayundin, ang mga guro ay kailangang bumuo ng mga estratehiya upang magamit ang *AI* sa pagpapaunlad ng kritikal at analitikal na kakayahan ng mga bata. Kaugnay nito, kailangang palawakin ng mga mag-aaral ang kanilang kaalaman sa tamang paggamit ng *AI*. Maaaring magsagawa ang paaralan ng simposyum at mga pagsasanay o seminar upang lubos na maunawaan ang kahalagahan at panganib na maaaring idulot ng AI sa pag-aaral. Gayundin, maaari pang magsagawa ng iba pang pag-aaral kaugnay sa paggamit ng AI sa pagtuturo't pagkatuto.

5. Sanggunian

- AI-Antari MA. Artificial Intelligence for Medical Diagnostics-Existing and Future AI Technology! Diagnostics (Basel). 2023 Feb 12;13(4):688. doi: 10.3390/diagnostics13040688. PMID: 36832175; PMCID: PMC9955430.
- AI Dola*. (2024, April 2). Retrieved from AI Stash: <https://ai-stash.webflow.io/tool/dola-ai>
- Alocelja, A. (2025, Pebrero 26). *Epekto ng Paggamit ng Artificial Intelligence sa Pag-aaral: Tumutulong nga ba o Nakakasira?* Retrieved from Tulay: <https://addushstulay.wordpress.com/2024/06/06/epekto-ng-paggamit-ng-artificial-intelligence-sa-pag-aaral-tumutulong-nga-ba-o-nakakasira/>
- Ano ang Penominolohikal na Pamamaraan?* (2025). Retrieved from Learning Corner: <https://learningcorner.co/explain-anything/16532>
- Bagumbaran, A. (2025, September 15). AI enhances learning, but teachers remain key to education — DepEd. Philippine Information Agency. <https://pia.gov.ph/news/ai-enhances-learning-but-teachers-remain-key-to-education-deped/>
- Bucu, A. T., Santos, M. S., Castro, F. A., Gito, K. A. D., Alma Jose, A. G., & Espinosa, K. P. M. (2026). Pananaw at Dalas ng Paggamit ng AI Tool sa Antas ng Kasanayan sa Pormal na Pagsulat sa Filipino. *International Journal of Multidisciplinary Educational Research and Innovation*. 4(4), 148-161.
- Benito, J. J. (2023). Kahandaan ng Guro sa Pagtuturo Ng Asignaturang Filipino sa Antas Sekondarya. *Global Scientific Journals*.
- Caballar, R. D. (2026). Generative AI vs. predictive AI: What's the difference? Retrieved from IBM: <https://www.ibm.com/think/topics/generative-ai-vs-predictive-ai-whats-the-difference>
- Calvo, Sonny Rey & Saldua, Miraflor. (2025). Paggamit Ng Generative AI sa Kasanayang Pagsulat sa Filipino ng mga Mag-Aaral sa Junior High School. 2. 328-344. 10.5281/zenodo.15849382.
- Canite, F. M., & Tanas, J. A. (2025). Paggamit ng artificial intelligence sa pagkatuto ng wikang Filipino.

- Cognizance Journal of Multidisciplinary Studies, 5(5), 1155–1174. ZAIN Publications.
<https://doi.org/10.47760/COGNIZANCE.2025.V05I05.075>
- Cardona, M. A., Rodríguez, R. J., & Ishmael, K. (2023, May). Artificial intelligence and the future of teaching and learning. U.S. Department of Education, Office of Educational Technology. <https://www.ed.gov/ai-future-teaching-learning>
- Chan, J. (2024, September 26). *Why High-Quality Instructional Materials Are Essential for Teacher and Student Success: How standards-aligned, culturally responsive, and inclusive materials drive learning in every classroom*. Retrieved from RIVET Education: <https://riveteducation.org/why-high-quality-instructional-materials-are-essential-for-teacher-and-student-success-how-standards-aligned-culturally-responsive-and-inclusive-materials-drive-learning-in-every-classroom/>
- City of Malabon University. (2024, April 1). Mga epekto ng paggamit ng Artificial Intelligence sa akademikong performance ng mga estudyante sa City of Malabon University. [Isang aksyon research]. <https://www.coursesidekick.com/computer-science/6574923>
- Collie, R. J., & Martin, A. J. (2024, May). Research news: Valuing and integrating generative AI in teaching. *Teacher Magazine*.
- Cubelo, X. (2025, October 21). *Kinabukasan o Panganib sa Pagkatuto?* Retrieved from Medium: <https://medium.com/@rs.xander.cubelo/ai-sa-edukasyon-pag-asa-para-sa-kinabukasan-o-panganib-sa-pagkatuto-f58c4e7ae54f>
- Darrell M. West & John R. Allen. (2018, April 24). *How artificial intelligence is transforming the world*. Retrieved from Brookings: <https://www.brookings.edu/articles/how-artificial-intelligence-is-transforming-the-world/>
- DeFlitch, S. (2025). *How Students Are Using AI in the Classroom*. Retrieved from Panorama Education: <https://www.panoramaed.com/blog/how-students-are-using-ai>
- Depinisyon ng Danas sa Tagalog/Filipino*. (2026). Retrieved from Tagalog Monolingual Dictionary: <https://www.tagalog.com/monolingual-dictionary/danas>
- Dziak, M. (2024). *Technology acceptance model (TAM)*. Retrieved from EBSCO Knowledge Advantage: <https://www.ebsco.com/research-starters/technology/technology-acceptance-model-tam>
- Domal-ot, C. L. A., Lauren, K. I. P., & Remolano, J. P. P. (2023, November). Epekto ng paggamit ng ChatGPT sa akademikong pagganap ng mga mag-aaral sa ikalabindalawang baitang sa Piapi High School [Unpublished research paper]. Uploaded by karlrichivan825 on January 20, 2024.
- El-Baz, N. (2025, January 23). *Asking the right questions: Unlocking the full potential of AI tools*. Retrieved from IT Leadership: <https://www.eschoolnews.com/digital-learning/2025/01/23/asking-the-right-questions-unlocking-full-potential-ai-tools/>
- Ensure inclusive and equitable quality education and promote lifelong learning opportunities for all*. (2025, September 13). Retrieved from United Nations: <https://sdgs.un.org/goals/goal4>
- Georgia L. Burgess & Amber K. Worthington. (2021). *Technology Acceptance Model*. Retrieved from University of Alaska Anchorage: <https://ua.pressbooks.pub/persuasiontheoryinaction/chapter/technology-acceptance-model/>
- Gil de Zúñiga, H., Goyanes, M., & Durotoye, T. (2024). A Scholarly Definition of Artificial Intelligence (AI): Advancing AI as a Conceptual Framework in Communication Research. *Political Communication*, 41(2), 317-334. <https://doi.org/10.1080/10584609.2023.2290497>
- Glynes D. Aliba, Celia C. Bullod, Mercy Grace B. Dagman, Mariane G. Mucacat, Sarah Joy L. Salbino, Aileen L. Sipi-an, at Maria Lourdes G. Eguia. (2025). Antas ng Bokabularyo ng mga Mag-aaral a Pagbasa ng Akdang Pampanitikan. *Graduate School, Baguio Central University, Baguio City*, 167-177.
- Guerra, A. (2023, July 6). *The Future Benefits of Artificial Intelligence for Students*. Retrieved from URBE University: <https://urbeuniversity.edu/blog/the-future-benefits-of-artificial-intelligence-for-students#:~:text=Personalized%20Learning:%20AI%20has%20the,disabilities%20or%20special%20educational%20requirements.>
- Haenlein, Michael & Kaplan, Andreas. (2019). A Brief History of Artificial Intelligence: On the Past, Present, and Future of Artificial Intelligence. *California Management Review*. 61. 000812561986492.

10.1177/0008125619864925.

- Heath, C. (2023, February 5). *What is purposive sampling?* Retrieved from Dovetail: <https://dovetail.com/research/purposive-sampling/>
- Holcombe, A. (2024, July 1). *Using AI to Fuel Engagement and Active Learning & Steve Wozniak*. Retrieved from EdSurge: <https://www.ascd.org/el/articles/using-ai-to-fuel-engagement-and-active-learning>
- Jaymart R. Famor, Frallyn Candido & Dr. Gregg O. Siat. (2024, November). *Karanasan ng mga Mag-Aaral ng Senior High School sa Paggamit ng Artificial Intelligence*. Retrieved from (An Open Accessible, Multidisciplinary, Fully Refereed and Peer Reviewed Journal): <https://cognizancejournal.com/vol4issue11/V4I1121.pdf>
- Lukic, J. (2023, July 6). *The Importance of Time Management for Teachers*. Retrieved from Time Analytics: <https://timeanalyticssoftware.com/time-management-for-teachers/>
- Macapinlac, M. B. (2025). Paggamit Ng Artificial Intelligence (AI) sa Edukasyon:. *DepEd Bataan Publication*.
- Malcolm, A. (2023, October 20). *Plain Language in the Classroom: Find, Understand, Use*. Retrieved from Lethbridge Polytechnic: https://learninginnovation.ca/plain-language-in-the-college-classroom/#:~:text=Plain%20language%20is%20a%20recommended%20way%20for,words%20that%20the%20audience%20may%20not%20know**
- Miller, G. (2024, October 21). *Understanding AI Misgeneration: Why AI Sometimes Delivers misleading or Inaccurate Results*. Retrieved from Lupo Digital: <https://www.lupodigital.com/blog/understanding-ai-mis-generation-why-ai-sometimes-delivers-misleading-or-inaccurate-results>
- Mishra, L. (2023). Focus Group Discussion in Qualitative Research. *TechynoLearn*.
- Mitchell, D. (n.d.). *How to Fact-Check AI Content Like a Pro*. Retrieved from Articulate: <https://www.articulate.com/blog/how-to-fact-check-ai-content-like-a-pro/#:~:text=2.,FactCheck.org%2C%20or%20PolitiFact>.
- Mojica, M. M. (2024, May 11). Ang papel ng Artificial Intelligence sa edukasyon. SunStar Pampanga. <https://www.sunstar.com.ph/pampanga>
- Olson, M. (2021, October 20). *The Importance of Vocabulary Instruction*. Retrieved from Kids Discover: https://kidsdiscover.com/teacherresources/the-importance-of-vocabulary-instruction/?srsltid=AfmBOoqLNF44gCxy_Ov3F1FE_RZbVt0rwTd7F9j_0yJ9tinpc02pGyb0
- Rojas, R. H., Pajunar, R., Mapili, M., Los Baños, F., Tinde, S. M., & Cherevias, J. J. (n.d.). Epekto ng ChatGPT sa akademikong kasanayan ng mga mag-aaral sa Junior High School Valencia National High School (Unpublished research paper).
- Salip, E. C. (2025). Paggamit ng Artificial Intelligence (AI) sa Pagtuturo ng Wika atKumpiyansa ng mga Guro Bilang Prediktor ng Kasanayan saPagbasa ng mga Mag-aaral. *NEXUS*.
- Saycon, M. R. (2024). Leksyon Na Didyital Ang Porma: Sagot Sa Pagpapatuloy Ng Pag-Aaral Sa Asignaturang Filipino. *NEXUS*.
- Selwyn, N. (2019). *Should robots replace teachers? AI and the future of education*. Cambridge, UK: Polity Press.
- Silagan, S. M., & Samarca, A. Y. (2025, May). Integrasyon ng Artificial Intelligence (AI) sa pagtuturo at pagkatuto ng Filipino sa Senior High School: Mga hamon at oportunidad. *International Journal of Advanced Multidisciplinary Studies*, 5(5). IJAMS Publisher. eISSN: 2799-0664
- Sison, R. (2025, July 8). *Guro at mag-aaral, sasanayin sa paggamit ng AI*. Retrieved from Bulgar Online: <https://www.bulgaronline.com/post/guro-at-mag-aaral-sasanayin-sa-paggamit-ng-ai>
- Stafford, A. (n.d.). *How To Make Yourself AI-Literate*. Retrieved from Forbes: <https://www.forbes.com/sites/sap/2025/03/06/how-to-make-yourself-ai-literate/>
- Stephanie M. Silagan & Annie Y. Samarca. (2025). Integrasyon ng Artificial Intelligence (AI) saPagtuturo at Pagkatuto ng FilipinosaSenior High School: Mga. *International Journal of Advanced Multidisciplinarystudies*.
- Usau, V. (2026, January 23). Assistive AI vs. Agentic AI: Understanding the Future of Intelligent Automation. Retrieved from emerline: <https://emerline.com/blog/ai-assistant-vs-ai-agent#:~:text=Assistive%20AI%20expands%20human%20capabilities,focus%20on%20more%20critical%20tasks>.

- Varquez, P. O. (2025, August 8). *Pedagohiya at Hamon sa Pagtuturo ng Filipino: Isang Paglalahad ng mga Karanasan at Estratehiya ng mga Guro sa Filipino sa mga Kursong Teknikal*. Retrieved from International Journal of Advanced Multidisciplinary Studies: <https://www.ijams-bbp.net/wp-content/uploads/2025/09/8-IJAMS-AUGUST-2025-410-423.pdf>
- Zeny D. Gumapac, Zeny D. Gumapac, Mildred B. Quiño, Christine Joy C. Hubac. (2025). Pagsusuri sa mga Salik na Nakaaapekto sa Komprehensyon ng mga Mag-Aaral sa Filipino 7. *American Journal of Humanities and Social Sciences Research (AJHSSR)*, pp-88-99.

